# Mga Uri at Krisis sa Lipunang Pilipino

## Pambungad

Isang lipunang malakolonyal at malapyudal: ito ang saligang balangkas ng lipunang Pilipino sa kasalukuyan. Dapat mahigpit na sapulin ang obhetibong katotohanang ito upang wastong maunawaan ang tunay na kalagayan ng lipunan, ang tunay na katangian at mga ugat ng talamak na krisis na matagal nang lumiligalig sa bayan, gayundin ang wastong rebolusyonaryong solusyon sa krisis.

Nilalagom sa paksang ito ang mga pangunahing usapin sa kasaysayan at kasalukuyang kalagayan ng bansa—sa pamamagitan ng paglilinaw sa moda ng produksyon at katumbas na kaayusan sa pulitika at kultura na pinaiiral ng imperyalismong US at mga lokal na papet nitong malaking burgesyang komprador at uring panginoong maylupa. Sinusuri ang krisis ng lipunang malakolonyal at malapyudal at ang mga tampok na manipestasyon nito sa krisis sa ekonomya, pulitika, patakarang panlabas at kultura. Nililinaw din ang mga uri sa lipunang Pilipino at ang mga saligang relasyon ng pagsasamantala at pang-aapi sa pagitan ng mga uring naghahari at mga uring pinaghaharian.

Ang wastong pagsusuri sa balangkas ng mga uri sa lipunan ang pundasyon ng pag-unawa sa saligang katangian at mga pangunahing tungkulin ng rebolusyong Pilipino. Kung hindi nauunawaan ang malakolonyal at malapyudal na pagsusuri sa uri ng kasalukuyang balangkas ng lipunan, hindi

mauunawaan ang katangian ng palagiang krisis ng lipunang Pilipino at kung bakit ang obhetibong galaw ng mga saligang kontradiksyon ng sistemang ito ay lumilikha ng napakainam na sitwasyon para sa pagsusulong ng armadong rebolusyon. Hindi maaaring matatag na maisulong ang rebolusyon sa wastong direksyon.

Ang wastong pag-unawa sa balangkas ng mga uri sa lipunan ang gabay din sa panlipunang pagsisiyasat at pananaliksik sa kongkretong kalagayan ng mamamayan sa iba't ibang saklaw at antas. Ito ang wastong paraan ng pag-alam sa kongkretong kalagayan ng mamamayan at lipunan. At ang gayong kongkretong pagsusuri sa kongkretong kalagayan ng lipunan ang pinakamahalagang batayan sa pagtatakda ng mga wastong taktika at islogan sa pagsusulong ng mga rebolusyonaryong kilusan at pakikibaka ng masa ng sambayanan.

Ang wastong Marxista-Leninistang pagsusuri sa kasaysayan at kasalukuyang kalagayan ng Pilipinas ay isa sa pinakamahalagang tagumpay ng muling-tatag na Partido sa pag-aangat ng kabuuang antas ng kaalamang teoretikal at pulitikal, gayundin ng rebolusyonaryong aktibidad, ng proletaryado at sambayanang Pilipino. Subalit mula huling bahagi ng dekadang 1970—sa impluwensya ng sari-saring rebisyunista, repormista at pasistang propaganda sa diumanong kapitalistang pag-unlad ng Pilipinas—may ilang elemento sa loob ng Partido na nagsimulang magpahayag at mag-engganyo ng mga pagdududa sa malakolonyal at malapyudal na pagsusuri sa sistemang panlipunan ng bansa. Ang gayong mga pagdududa ay nagsilbing batayan ng iba't iba ring pagdududa sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan at mga panukalang "paunlarin", "pinuhin" at "iangkop" daw iyon. Ang kinahinatnan ay ang malulubhang paglihis na insureksyunista at adbenturistang militar na ikinumbinasyon sa populismong burges, ekonomismo, at linya sa nagkakaisang prente na bumabangga at lumulusaw sa pamumuno ng Partido at sosyalistang perspektiba ng demokratikong rebolusyong bayan.

Sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, muling nililinaw at higit pang pinalalalim natin ang pag-unawa ng mga kadre at kasapi ng Partido sa wastong pagsusuri sa uri sa lipunang Pilipino bilang batayan ng matatag at wastong pagtataguyod sa rebolusyonaryong linya ng Partido.

Sasaklawin ng pag-aaral sa paksang ito ang sumusunod na mga pangunahing punto:

1. Krisis ng lipunang malakolonyal at malapyudal
2. Mga uri sa lipunang malakolonyal at malapyudal

# I. Krisis ng Lipunang Malakolonyal at Malapyudal

**1. Bakit palagian at patuloy na lumalala ang krisis ng sistemang malakolonyal at malapyudal?**

Ang malakolonyal at malapyudal na sistema ay isang panlipunang sistema na nasa palagiang krisis. Pinapahirapan ito ng dalawang naghihingalong pwersa: ang dayuhang monopolyong kapitalismo at katutubong pyudalismo. Para mapanatili at mamantini ng mga pwersang ito ang kanilang dominasyon, nililimitahan nila ang pagsulong ng mga pwersa sa produksyon, at ginagamit ang paniniil sa pulitika.

Ang lumang demokratikong rebolusyon ay tinalo ng kolonyal na agresyon at pananakop ng imperyalismong US at binigo sa layunin niyong palayain ang bayan mula sa dayuhang paghahari at lutasin ang krisis ng nabubulok na pyudalismo. Itinayo at hinubog ng imperyalismong US ang malapyudal na ekonomya sa Pilipinas. Pinanatili ang pyudalismo at ipinailalim ito sa kapangyarihan ng dayuhang monopolyang kapital at sa di-pantay na palitan ng mga import na manupaktura at eksport na hilaw na materyal.

Saligang patakaran ng imperyalismong US ang pagpigil sa pambansang industriyalisasyon at tunay na reporma sa lupa para panatilihin ang di pantay na palitan ng sobra nitong manupakturang produkto at murang hilaw na materyales ng Pilipinas, at para maitambak sa Pilipinas ang sobra nitong kapital at produktong agrikultural.

Bawat dekada ng ika-20 siglo ay dumanas ng panlipunang pagkaligalig at pag-aalsa ng mga magsasaka mula nang ganap na mabigo ang reporma sa lupang isinagawa ng kolonyal na rehimen ng US. Noong dekadang 1930, may mga militanteng kilusang magsasaka at pag-aalsang magsasaka sa Gitna at Timog Luzon. Noong panahon ng pananakop ng mga Hapones, ang kilusan ng magsasaka sa Gitnang Luzon ay nakapagtayo ng hukbong bayan laban sa pasistang mananalakay at nagpahina sa kapangyarihan ng mga panginoong maylupa. Pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sumiklab ang unang malalang gera ng magsasaka sa pamumuno ng partidong proletaryo. Natalo ito dahil sa maling pamumunong maka-Lava, at kalamangang militar ng Estados Unidos at lokal na mga uring reaksyunaryo.

Dahil inutil ang mga pakitang-taong reporma sa lupa ng mga papet na rehimen mula kay Magsaysay hanggang kasalukuyan, ang pagbubukas ng mga lupaing publiko ang tanging nakaibsan sa kawalan ng lupa ng mga magsasaka. Pero naubos na noong bandang katapusan ng dekadang 1960 ang lupang pwedeng buksan bilang mga bagong sakahan. Kaya lalong tumindi nang tumindi ang problema sa mga magsasakang walang lupa at pagdami ng mga manggagawang bukid na nag-aagawan sa papakaunting trabaho sa bukid.

Ang pinakamasahol na pananalasa naman ng monopolyong kapitalismong US bilang lipas nang pwersang naghihingalo ay naranasan noong Malaking Depresyon ng dekadang 1930 at sa pagsiklab ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Winasak ang mga pwersa sa produksyon ng karamihan sa mga bayang kapitalista at karamihan sa mga kolonya at malakolonya. Dahil sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig, tumayo ang mas maraming bayang sosyalista at lumaganap ang mga kilusan sa pambansang pagpapalaya, mga bagay na naglimita sa imperyalistang larangan ng impluwensya, pamumuhunan at pamilihan.

Pagkaraan ng rekonstruksyon ng mga bayang nawasak, kabilang ang Kanlurang Europa at Hapon, lumitaw ang problema ng papatinding kumpetisyon ng US at iba pang bayang imperyalista para makapamayani sa pandaigdigang pamilihang kapitalista, kabilang ang mga kolonya at malakolonya. Noong dekadang 1960, ipinatupad ng US ang patakaran ng pagbubuhos ng pautang na kapital sa mga di maunlad na bayan tulad ng Pilipinas sa layuning itayo ang mga impraistruktura, tustusan ang depisit sa kalakalang panlabas at balanse ng bayaran, at sa gayon, magpatuloy ang pagtatambak ng mga namanupakturang sobrang produkto ng mga bayang kapitalista sa mga atrasadong bayan kahit ang huli ay nililigalig na ng paulit-ulit at matagalang resesyon at implasyon.

Ang gayong patakarang imperyalista ay ipinagmalaking patakaran ng pagpapaunlad daw ng ekonomya ng Pilipinas. Pero ang totoo'y lalong pinasahol nito ang katangiang agraryo at di industriyal ng malapyudal na ekonomya ng Pilipinas at inilubog ito sa utang sa dayuhan.

Sa mga kundisyong mas lalong nagiging mapagsamantala at kontra-produktibo ang imperyalismong US at katutubong pyudalismo, lumitaw ang diktadurang Marcos noong 1972 sa panunulsol ng US na supilin ang muling nagbabangong kilusang anti-imperyalista at antipyudal. Hindi na makakaya ng

Estados Unidos at naghaharing pangkating papet na maghari sa dating paraan kasama ang mga palamuti ng mga burges na liberal na institusyon at proseso.

Hindi na makakapaghari sa dating paraan ang buong naghaharing sistema ng malalaking kumprador at malalaking panginoong maylupa at hindi na maayos sa mapayapang paraan ang kanilang mga alitan. Gayundin, nagsimulang lumaki ang rebolusyonaryong mga pwersa ng partidong proletaryo, ang hukbong bayang nakabase sa magsasaka, at ang pambansang nagkakaisang prente. Iginigiit din ng mga ligal na pwersa ng pambansa-demokratikong kilusan ang pagbibigay ng wakas sa malakolonyal at malapyudal na sistema na pumapabor sa pambansa at demokratikong sistema.

Sa buong panahon ng pasistang diktadura, nabawasan ang pag-eeksport ng Pilipinas ng hilaw na materyal at ang mga reeksport na manupaktura naman ay hindi maaaring makapagbigay ng anumang sarplas sa panlabas ng kalakalan. Sinuhayan ang pasistang rehimeng diktador ng mga dayuhang pautang (na hindi kailanman mababayaran) at ayudang bilateral ng US. Sinamantala ng pasistang pangkating Marcos ang awtokratikong kapangyarihan para isinagawa ang pinakamalaki at pinakamasamang pandarambong ng burukratang kapitalista sa kasaysayan ng Pilipinas. Ang katiwaliang burukratiko ay nakadagdag sa monopolyong kapitalista at pyudal na pagsasamantala sa pandarambong sa bayan at pagsaid sa mamamayang Pilipino.

Ang palala nang palalang krisis ay hindi nalutas ng pagbagsak ng paghahari ni Marcos at ng kanyang mga kroni. Masugid na itinulak ng sumunod na rehimeng Aquino, rehimeng Ramos at rehimeng Estrada ang parehong mga patakarang idinidikta ng dayuhang monopolyong kapitalismo at salungat sa pambansang industriyalisasyon at reporma sa lupa. Lalong lumalim at lumubha ang agraryo at malapyudal na katangian ng ekonomya. Lalong bumilis ang pagkabulok ng ekonomya at lipunan. Lalong tumindi ang paksyunalismo at alitan sa hanay ng mga reaksyunaryo, gayundin ang pasistang panunupil sa ligalig na mga mamamayan.

Lalong umiigting ang mga saligang kontradiksyon ng lipunang malakolonyal at malapyudal: ang kontradiksyon ng bansang Pilipino at ng imperyalismo, at ang kontradiksyon ng malawak na masa ng mamamayan at ng pyudalismo. Ang tumitinding karahasan sa pagitan ng mga reaksyunaryong paksyon, sa pagpapataw ng reaksyunaryong paghahari at kagustuhan sa sambayanan, gayundin sa paglaban ng mamamayan ay malilinaw na indikasyon ng mga kontradiksyon sa lipunan na nasa huling yugto ng pagkalutas. Habang

lumalaon, lalong umiinam ang mga obhetibong kalagayan para pagsusulong ng rebolusyon hanggang sa tagumpay.

Mabibigyang wakas ang palagiang krisis sa pamamagitan lamang ng tunay na reporma sa lupa at ganap na pambansang industriyalisasyon, batay at kaakibat sa rebolusyonaryong transpormasyon sa pulitika, militar, kultura at patakarang panlabas—ibig sabihin, sa ganap na pagbabagsak sa kapangyarihan ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Habang hindi pa kaya ng mga suhetibong pwersa ng rebolusyon na ganap na magtagumpay, ang naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal ay maaaring tuluy-tuloy na mabulok, at dumaan mula sa isang krisis tungo sa mas malala pang krisis sa matagal na panahon. Tanging ang tagumpay ng bagong demokratikong rebolusyon sa pamumuno ng uring proletaryado ang ganap na makalulutas sa krisis.

## A. Krisis sa Ekonomya

### 1. Ano ang krisis ng malapyudal na ekonomyang Pilipino?

Mula nang ipataw ng imperyalismong US ang paghahari nito sa Pilipinas hanggang sa kasalukuyan, ang malapyudal na ekonomyang Pilipino ay nasadlak sa palubha nang palubha at di malutas na krisis. Nananatili itong agraryo, pre-industriyal at atrasado.

Pinipigil ng imperyalismong US, malaking burgesyang kumprador at panginoong maylupa ang pag-unlad ng ekonomya para higit pang pagsamantalahan ang sambayanang Pilipino at magkamal ng mas malaking tubo at pakinabang. Tagibang at pabugsu-bugsong pag-unlad lamang ng mga pwersa ng produksyon ang kanilang pinahintulutan.

Pinanatiling lupang agrikultural ang pangunahing kasangkapan sa produksyon at halos di ginagamitan ng makabagong teknolohiya sa pagsasaka.

Winasak ang lokal na handikrap at sinagkaan ang pag-unlad ng komprehensibong katutubong manupaktura. Maliit ang sektor ng modernong industriya. Walang mga batayang industriya na gumagawa ng bakal, batayang kemikal at mga produktong kapital tulad ng mga makina. Kaya't lubusang nakasalig ang ekonomya sa imported na mga kagamitan, panggatong at mga hilaw na sangkap na yari sa ibayong dagat.

Mula nang itayo ang malapyudal na ekonomyang panlipunan, hindi nagkaroon ng tunay na industriyalisasyong nagtatatag ng mga saligang industriya ni reporma sa lupa, para mabigyang-lugar ang patuloy na lumalaking sarplas na paggawa at matugunan ang paghahangad ng mga magsasaka sa lupa.

Palaki nang palaki ang masang anakpawis na walang hanapbuhay—ang tinatawag na reserbang hukbo ng paggawa. Mas mabilis ang pangangamkam ng mga panginoong maylupa at dayuhang kapitalista sa lupang agrikultural kaysa paglawak nito. Maramihang nawawalan ng pagkukunan ng kabuhayan ang mga naitataboy na magsasaka at nawawalan din ng pamamasukan ang mga manggagawang bukid. At walang mga industriyang maaaring makapag-empleyo ng mga ito sa kalunsuran.

Ang pandarayuhan at pagbubukas ng mga lupaing publiko ng mga magsasaka, nang wala kahit anong klase ng materyal na suporta mula sa reaksyunaryong gubyerno, ang naging prinsipal na labasan ng sarplus na paggawa, laluna ang mga magsasakang walang lupa. Pero mula noong huling bahagi ng dekada '60, nasaid na ang mga prontera na dating natatakbuhan ng naitataboy na mga magsasaka at ang buong sistemang panlipunan ay papasambulat na.

Habang lalong nasasaid ang mga likas na yaman ng Pilipinas, at habang lalong lumulubha ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista, lalong pinatitindi ng imperyalismo at lokal na naghaharing mga uri ang paghuthot ng sarplas na produkto mula sa masang anakpawis.

**2. Ano ang mga tampok na katangian ng mga pwersa ng produksyon sa malapyudal na ekonomyang Pilipino?**

Sumusunod ang mga tampok na katangian ng mga pwersa ng produksyon sa malapyudal na ekonomyang Pilipino:

1) *Lupang agrikultural ang pangunahing kagamitan sa produksyon.*

Sa lupang agrikultural nagmumula ang produktong pagkain para sa lokal na konsumo, kalakhang bulto ng surplus na produkto para sa eksport, at ilang hilaw na materyales para sa lokal na pagpoproseso. Mayroon ngayong mahigit labintatlong milyong ektaryang lupang agrikultural. Kalakhan nito ay ginagamitan ng atrasadong paraan ng pagsaka.

Ang kalakhan ng mga lupaing tinatamnan ng palay, mais at niyog—na bumubuo ng 90.4% ng lupang agrikultural—ay ginagamitan pa rin ng lakas-

tao, mga kagamitang de-mano, araro at mga hayop na pansaka. Hindi lalampas sa 4% ng lupang agrikultural ang ginagamitan ng mga traktora at iba pang makinaryang pansaka. Maging sa malalaking plantasyon ng tubo, saging at mga bagong pang-eksport na pananim (na bumubuo sa hindi hihigit sa 7% ng lupang agrikultural) kung saan gumagamit ng mga traktor at kemikal na abono at pestisidyo, laganap pa rin ang paggamit ng lakas-tao at mga makalumang kagamitang pansaka.

2) *Walang nakatayong mga industriya na makakagamit ng mga lokal na materyales para gumawa ng bakal, batayang kemikal, at mga produktong kapital tulad ng mga makina. Iniimport pa mula sa ibang bayan ang bawat modernong makinang ginagamit sa alinmang sangay ng ekonomya—agrikultura, industriya o serbisyo.*

Ang sektor ng industriya—na pinalalabas na sumasaklaw sa pagmimina, pagtitibag ng bato, konstruksyon, utilities (hal., transportasyon, komunikasyon, kuryente), at magaan na manupaktura (hal., manupaktura ng mga kasangkapang pambahay)—ay nakaasa sa imported na mga kagamitan, intermedyang materyales at hilaw na materyales, laluna ang panggatong (langis, krudo, gasolina). Mga sangkatlo (1/3 o 33%) lamang ng kabuuang produkto ng ekonomya ang nagmumula sa sektor ng industriya. Kalakhan nito (katumbas ng 1/4 o 25% ng kabuuang produkto) ang nagmumula sa manupaktura, na nakasalig din sa mga import.

Imported maging ang malaking bahagi o 85% ng mga kasangkapang demano. Samantala, ang natitirang 15% na gawang lokal ay ginagamitan naman ng mga imported na bakal at iba pang metal. Nakasalig din sa kagamitang imported ang sektor sa serbisyo na binubuo ng komunikasyon, transportasyong publiko, pag-iimbak, kalakalan at bangko, libangan, serbisyo publiko at iba pa.

Gamitan man ng mataas na teknolohiya ang anumang sektor, ang ekonomyang Pilipino ay hindi pa rin makakagawa ng sarili nitong mga kagamitan. Sa patakaran ng liberalisasyon sa kalakalan, higit na nakasalig sa import kaysa kailanman ang produksyon para sa lokal na gamit at maging sa eksport.

Ang mga imported na kagamitan, intermedyang materyales at hilaw na materyales—bukod sa mga imported na produktong yari at halos yari na—ay binabayaran ng dolyar na nagmumula naman sa kita mula sa mga eksport ng hilaw na materyales, na kalakhan ay agrikultural. Laging mas mahal ang mga makinarya kaysa mga hilaw na materyales, at laging lumalaki ang mga import

kaysa sa mga eksport. Kaya laging may depisit o negatibo ang balanse ng kalakalan ng Pilipinas. At ang depisit namang ito ay binabayaran mula sa dayuhang pautang at kita ng mga OCW.

Ang agrikultural at mineral na produksyon para sa eksport at produksyon ng muling inieksport na mga semiconductor, tela at mga laruan na mababa ang dagdag-na-halaga ay lalong nagtutulak ng ekonomyang Pilipino sa kronikong depisit sa kalakalang panlabas at papalaki nang papalaking utang na panlabas.

3) *Ang mga magsasaka, manggagawang bukid at manggagawang industriyal ang direktang prodyuser o lumilikha ng mga kalakal o produkto sa malapayudal na ekonomya. Sila rin ang bumubuo ng malaking mayorya ng pwersa sa paggawa at ng mga may hanapbuhay.*

Ayon sa sensus ng 1990, dalawampu't dalawang milyon, siyam na daanlibong (22,900,000) mamamayan ang may trabaho. Sampung milyon at apat na daanglibo (10,400,000) o mahigit apatnapu't limang porsyento (45.3%) ng may trabaho ang magsasaka at manggagawang bukid. Tatlo't kalahating milyon, (3,500,000) o mahigit labinlimang porsyento (15.1%) ang manggagawang industriyal. At siyam na milyon o halos apatnapung porsyento (39.5%) ang nasa sektor ng serbisyo.

Kung isasaalang-alang ang mga direktang prodyuser lamang, makikitang pitumpu't limang porsyento (75%) ng mga prodyuser ang magsasaka at manggagawang bukid, samantalang dalawampu't limang porsyento (25%) lamang ang manggagawang industriyal. Ibig sabihin, may tatlong magsasaka at manggagawang bukid sa bawat isang manggagawang industriyal.

Sumusunod ang talaan ng porsyento ng bilang ng may trabaho, bilang sa bawat sektor (agrikultura, industriya at serbisyo), at porsyento ng may trabaho sa bawat sektor mula 1960 hanggang 1990:

## Talaan ng Bilang ng May Trabaho at Porsyento sa Bawat Sektor

| Taon | Kabuuang Bilang ng May Trabaho | AGRIKULTURA | | INDUSTRIYA | | SERBISYO | | PRODYUSER | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Bilang | Porsyento | Bilang | Porsyento | Bilang | Porsyento | Bilang | Porsyento |
| 1960 | 8539 | 5224 | 61.18 | 1316 | 15.41 | 1999 | 23.41 | 6540 | 76.59 |
| 1965 | 10543 | 6052 | 57.40 | 1570 | 14.89 | 2921 | 27.71 | 7622 | 72.29 |

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1970 | 11358 | 6100 | 53.71 | 1876 | 16.52 | 3382 | 29.78 | 7976 | 70.22 |
| 1975 | 14517 | 7768 | 53.51 | 2207 | 15.20 | 4542 | 31.29 | 9975 | 68.71 |
| 1980 | 16434 | 8453 | 51.44 | 2554 | 15.54 | 5427 | 33.02 | 11007 | 66.98 |
| 1985 | 19801 | 9698 | 48.98 | 2812 | 14.20 | 7291 | 36.82 | 12510 | 63.18 |
| 1990 | 22894 | 10381 | 45.34 | 3469 | 15.15 | 9044 | 39.50 | 13850 | 60.50 |

Sa nakaraang mahigit tatlong dekada tuluy-tuloy ang pagliit ng porsyento ng mga direktang prodyuser — magsasaka, manggagawang bukid at manggagawang industriyal — sa kabuuang bilang ng empleyo habang lumalaki ang porsyento ng nasa serbisyo.

Sa katunayan, karamihan sa diumanong mga manggagawa sa serbisyo ay walang trabaho, walang regular na empleyo o hindi sapat na naiempleyo. Pero pinapalitaw sa datos ng gobyerno na ganap silang nakaempleyo. Minorya lamang ng mga manggagawa sa serbisyo — maaaring hindi hihigit sa 30 porsyento — ang regular na sumasahod. Sa kalakhan, empleyado ang mga ito sa gubyerno at sa mga empresang multinasyunal, malaking kumprador at gitnang burges.

Ipinakikita nito ang kawalang kakayahan ng malapyudal na ekonomya na bigyan ng kapakipakinabang na trabaho ang papalaking bahagi ng pwersa sa paggawa at ang napakabagal na paglago ng produksyon kumpara sa paglaki ng populasyon.

Taun-taon, tuluy-tuloy ang paglaki ng bilang ng sektor sa agrikultura subalit, lumiliit ang porsyento nito sa kabuuang may trabaho. Ang pagliit ng porsyento ng sektor ng agrikultura ay malinaw na sumasalamin sa kawalan ng tunay na reporma sa lupa at sa mabilis na pagkamkam sa mga sakahan ng mga magsasaka.

Pinalilitaw ng gubyerno na ang pagliit ng porsyento ng may trabaho sa sektor ng agrikultura ay patunay ng paglago ng ekonomya at pagdami ng mga industriya. Nahihigop diumano ng sektor sa serbisyo ang mga magsasaka at manggagawang bukid na nawawalan ng sakahan o ng mapagtatrabahuhang sakahan. Isa itong ilusyon na nililikha at pinapalaganap ng reaksyunaryong propaganda para pagtakpan ang dambuhalang problema ng kawalan ng empleyo sa malapyudal na lipunan.

Ang totoo, wala o kulang sa trabaho ang halos kalahati ng kabuuang pwersa sa paggawa o mga may kakayahang magtrabaho. Bunga ito ng pagkaunti ng trabaho sa industriya, pagkasaid ng prontera at pagkaagaw sa lupa ng mga magsasaka at walang tigil na paghina ng produksyon ng hilaw na materyales na pang-eksport. Lubhang dumarami ang mga manggagawang bukid na nagkukumpitensyahan para sa mas kumakaunting trabaho sa sakahan. Ang lumalaking kalipunan ng mamamayan sa kanayunan at kalunsuran na kulang o walang mapagkukunan ng kabuhayan ay bunsod ng sistemang malapyudal.

4) *Napakaliit ng bilang ng proletaryadong industriyal.*

Sa nakaraang tatlong dekada, dadalawang milyon ang dumagdag sa bilang nila samantalang mahigit tatlumpung milyon ang inilaki ng populasyon ng Pilipinas. Noong 1990, ang tatlo't kalahating milyong manggagawa sa sektor ng industriya ay halos anim na porsyento (6%) lamang ng populasyon ng Pilipinas.

Pinapakita ng pagkapako sa maliit na porsyento ng manggagawa sa industriya, laluna ng mas maliit pang porsyento ng manggagawa sa manupaktura, ang pagkabansot ng ekonomya at kawalan ng tunay na industriyalisasyon. Walang nalilikhang bagong trabaho sa kalunsuran na sasalo sa lumulobong sarplas na paggawa sa kanayunan.

Sa hanay ng mga manggagawa sa industriya, patuloy na lumiliit ang porsyento ng manggagawang nasa manupaktura kumpara sa mga manggagawa sa pagmimina, pagtotroso, konstruksyon at utilities (kuryente, tubig at panggatong). Mula walumpung porsyento (80%) noong 1960, lumiit ito sa animnapu't apat na porsyento (64%) na lamang noong 1990. Sa bilang na ito, kalahati lamang ang nagtatrabaho sa mga empresang may dalawandaan o mahigit pang manggagawa. Walumpung porsyento ng mga diumanong empresa sa manupaktura ay maliliit na talyer na hindi lumalampas sa sampu ang manggagawa.

**3. Ano ang mga tampok ng katangian ng mga relasyon sa produksyon sa malapyudal na ekonomyang Pilipino?**

Sumusunod ang mga tampok na katangian ng mga relasyon sa produksyon sa malapyudal na ekonomyang Pilipino:

1). *Ang malaking burgesyang kumprador ang pinakadominanteng uri sa malapyudal na lipunan.*

Sa pagtataguyod ng imperyalismong US, ang malaking burgesyang kumprador ang namumukod na pinakadominanteng uri sa Pilipinas. Ito ang tagapamandila ng malapyudal na mga relasyon sa produksyon. Bilang pangunahing ahente ng monopolyo kapitalismong US sa kalakalan at pinansya, ito ang naghahari sa sistemang kalakal at nagpapasya sa sistema ng produksyon at distribusyon. Itinatakda nito ang katangiang malapyudal ng ekonomya.

Hawak ng malalaking kumprador ang pinakamataas na konsentrasyon ng kapital (komersyanteng kapital) na sangkot sa di pantay na palitan ng eksport na hilaw na materyal at mga import na minanupaktura. Nagkakamal sila ng tubo sa komersyo sa pamamagitan ng mga operasyong import-eksport at lokal na pakyawang benta at interes sa pamamagitan ng mga bangko sa komersyo.

Namumuhunan din sila nang husto sa pagmimina at iba pang empresang naghuhukay ng mineral, mga empresa sa serbisyo bukod sa pagbabangko, at pangangalakal at mga empresang nakasalig sa mga import.

Higit sa anumang nagsasamantalang uri, kinokontrol at ginagamit ng malaking burgesyang kumprador ang estado bilang mapagkukunan ng pribilehiyong pang-ekonomya at bilang malaking kliyente. Sa kabilang banda, ginagamit ng matataas na upisyal ng gobyerno ang kanilang puwesto para kumita mula sa mga operasyon ng mga malaking kumprador. Ang malalaking burukratang kapitalista, sa esensya, ay malalaking burgesyang kumprador. Pinuprotektahan ng pasistang estado, minomonopolisa nila ang malalaking kontrata at mabilis na nakapagpaparami ng lupain. Pero nananatili sila sa balangkas ng uring malaking burgesya kumprador at ng sistemang malapyudal.

Mahigpit na alyado at katuwang ng malaking burgesyang kumprador ang uring panginoong maylupa sa paghahari sa malapyudal na lipunan at sa pagpigil sa pag-unlad nito. Sa karamihan o sa maraming kaso, malalaking panginoong maylupa sila dahil ang malalaking lupain ang pinakamaaasahang mapagkukunan nila ng mga pananim na pang-eksport. Katulad ng uring panginoong maylupa, kinakatakutan ng malaking burgesyang kumprador ang reporma sa lupa.

Sa utos ng monopolyong kapitalismong US at alinsunod sa sariling makauring interes, sinasalungat at pinipigil ng malaking burgesyang kumprador ang komprehensibong industriyalisasyon ng Pilipinas. Sa gayon nabibigyan nila ng katangiang malapyudal maging ang sektor sa industriya ng ekonomya.

2) *Ang uring panginoong maylupa ang dominanteng uri sa kanayunan.*

Ang uring panginoong maylupa ay nananatiling isang natatanging uri. Bagamat napalitan ng malaking burgesyang kumprador bilang dominanteng uri nang maging malapyudal ang lipunan, nananatili silang dominanteng uri sa kanayunan. Sila ang tagapamandila ng pinakaatrasado at pinakareaksyunaryong pyudal na relasyon sa produksyon, at hinahadlangan nila ang pag-unlad ng pwersa sa produksyon. Sila ang baseng sosyal ng paghaharing imperyalista at pangunahing balakid sa pag-unlad ng Pilipinas sa ekonomya, pulitika at kultura.

Pumapangalawa ang panginoong maylupa sa malaking burgesyang kumprador bilang nagsasamantalang uri. Sila ang unang-unang nakakapangulekta ng pinakamalaking sarplas na produkto, hindi lamang mula sa mga kasama at mga manggagawang bukid, kundi mula sa lahat ng magsasaka. Nagmamay-ari sila ng malalaking lupain at nangungulekta ng upa sa lupa sa mga kasama. Para makakuha ng mas malaki pang sarplas na produkto, nagsasagawa rin sila ng iba pang porma ng pagsasamantala tulad ng pag-upa ng mga manggagawang bukid, pang-uusura, di pantay na kalakalan ng mga pananim at input na pansaka, pagpapaupa ng kagamitan at hayop na pansaka sa sobrang mahal na presyo, at iba pa, na matatawag na malapyudal na mga porma ng pagsasamantala.

Malaking bahagi ng sarplas na produktong ito ang ibinabayad ng uring panginoong maylupa sa malaking burgesyang kumprador para sa mga imported na produktong tutugon sa kanilang mga luho at sa mga produktibong pangangailangan ng agrikultura. Pinipiga naman ng mga dayuhang monopolyo ang supertubong ito sa pamamagitan ng malalaking kumprador o sa pamamagitan ng mga direktang subsidyaryo. Sa ganitong padron, napapailalim ang uring panginoong maylupa sa malaking burgesyang kumprador.

Pagmamay-ari ng mga panginoong maylupa ang karamihan sa pinakamahuhusay na lupaing agrikultural at patuloy ang akumulasyon nila ng lupa. Hindi lamang nila inaagaw ang sarplas na produkto mula sa mga tunay na prodyuser nito kundi mula rin sa takbo ng pambansang industriyalisasyon.

Dahil malaking panginoong maylupa rin ang marami sa malaking burgesyang kumprador, angkop na tumukoy sa uring malaking kumprador-panginoong maylupa o bagong tipo ng panginoong maylupa. Nagmamay-ari sila ng

malalaking plantasyon na pangunahing pinagkukunan ng pang-eksport na hilaw na materyales. Sa gayon natitiyak ng malalaking kumprador ang maaasahang base sa suplay at mapagkukunan ng dayuhang pera. Sila ang nagpapairal sa malapyudal na kalakaran ng pag-arkila ng mga manggagawang bukid sa napakababang sahod sa mga plantasyon ng asukal at niyog. Pero may mga lupain din sila kung saan nagsasamantala sila sa malaking bilang ng mga kasama sa pamamagitan ng pagkulekta ng upa sa lupa.

Ang malaking burukratang kapitalista ay malaking burgesyang kumprador at malaking panginoong maylupa na namukod-tangi sa pamamagitan ng paggamit sa kanilang tungkuling publiko, pribilehiyong ibinigay ng estado, mga bangko ng estado at empresa ng estado para makapangamkam ng pribadong kapital at lupa. Sa kasaysayan ng Pilipinas, ang pinakatampok na halimbawa ng burukratang kapitalismo ay ang bumagsak na rehimeng Marcos.

Sa paggamit ng awtokratikong kapangyarihan, namanipula ni Marcos ang mga kumpanya at proyekto ng gubyerno, dayuhang pautang, kita sa pag-eeksport, pondo ng estado at pribilehiyo para gawing pinakamayaman at pinakamapagsamantalang pangkatin ng malalaking kumprador at panginoong maylupa ang kanyang pamilya at mga kroni, at nalampasan ang matagal nang napakayayaman tulad ng mga Roxas, Ayala, Zobel at Soriano.

3) *Nakapailalim ang pambansang burgesya sa malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa.*

Nakapailalim ang pambansang burgesya sa malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa, ang dalawang uring nakakakuha ng pinakamalaking sarplas na produkto mula sa bayan. Hangad ng pambansang burgesya na isulong ang pambansang industriyalisasyon at mahawakan ang primerang pusisyon sa ekonomya, pero ginigipit sila ng mga dayuhang monopolyo, malaking kumprador at malaking panginoong maylupa. Agad ipinakikita ng katotohanang ito na malapyudal at hindi kapitalista ang ekonomya at lipunang Pilipino.

Nasa ubod ng pambansang burgesya ang mga kapitalistang nagmamay-ari at namamahala sa mga empresang nasa magaan na manupaktura. Gumagamit sila ng mga lokal at imported na sangkap sa iba't ibang antas. Nagiging istableng batayan ng saray ang ilan sa mga empresang nagpoproseso pangunahin ng lokal na hilaw na materyales. Ang iba pa ay higit na nakaasa sa imported na mga sangkap kaya't mas bulnerable sa mga hakbang ng dayuhang monopolyo.

Ang mga negosyanteng kabilang sa pambansang burgesya ay direktang namamahala sa kanilang mga empresa sa produksyon. Nagsasamantala sila sa mga manggagawa sa pamamagitan ng pagpiga ng sarplas na halaga, at kadalasang nagpapasahod nang mas mababa kaysa pasahod ng mga empresang dayuhan at malaking kumprador. Pero mas matataas na tantos ng tubo ang nahuhuthot ng mga empresang dayuhan at kumprador. Mas masahol pa, ang mga supertubong ito ay inilalabas nila sa bayan o ipinagkakait ang paggamit nito para sa pambansang industriyalisasyon.

4) *Ibayong pagsasamantala ang dinaranas ng petiburgesyang lunsod lalo na sa paglala ng krisis sa lipunan.*

Kabilang sa petiburgesyang lunsod ang mga propesyunal, teknisyan at iba pang intelihensya gayundin ang maliit na mga negosyante at mangangalakal. Binubuo nila ang pinakamalaking saray ng burgesya, na umaabot sa walong porsyento ng populasyon. Ang pinakamapagsamantalang mga uri at pambansang burgesya ang umuupa ng mga propesyunal at teknisyan para sa kanilang mga empresa.

Sa pangkalahatan, ibayong pagsasamantala ang dinaranas ng petiburgesyang lunsod sa panahon ng palala nang palalang krisis. May tendensya itong pumanig sa uring manggagawa at uring magsasaka, at iniimpluwensyahan ang pambansang burgesya para lumaban sa modernong imperyalismo, katutubong pyudalismo at burukratikong korapsyon.

5) *Ang mga uring anakpawis ang dumaranas ng pinakamatinding pagsasamantala at pang-aapi sa malapyudal na lipunan.*

Ang uring magsasaka ang pinakamarami at pinakapinagsasamantalahang uri sa malapyudal na ekonomya. Binubuo nila ang pitumpu't limang porsyento (75%) mamamayan. Dumaranas sila ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala at pang-aapi. Nakikibaka sila para sa tunay na reporma sa lupa.

Para madagdagan ang kita, bumabaling ang mararalita at panggitnang magsasaka sa pagtrabaho sa ibang sakahan, pangingisda, pangangahoy, pag-alaga ng hayop, paggawa ng handikrap, pangangarpintero at pagtatrabaho sa konstruksyon, paghahakot, maliitang paglalako, atbp. Ang pagiging panahunang manggagawang bukid ang pinakakomon na saydlayn at pangunahing pinagbabalingan ng sarplas na paggawa sa kanayunan.

May tatlo o higit pang kategorya ng manggagawang bukid:

a) ang mga maralita at nakababababang panggitnang magsasaka na nagmamay-ari o umuupa ng malilit na sakahan at may simpleng kagamitang pansaka pero nagbebenta ng bahagi ng kanilang lakas-paggawa bilang panahunang manggagawang bukid,

b) ang mga nawalan ng sakahan at kagamitang pansaka at lubusan o pangunahing umaasa sa pagbebenta ng kanilang lakas-paggawa, at

k) ang mga patungo sa lubusang pagkawala ng kabuhayan at pinakamasahol na pagkabusabos at maaaring lumuwas sa kalunsuran para sa samutsaring trabaho.

Matinding nilalabanan ng uring magsasaka ang mabilisang akumulasyon ng lupa ng mga panginoong maylupang Pilipino at dayuhang agrikorporasyon. Ang pagpapalayas sa mga magsasaka ang mabilis na nagpaparami sa manggagawang bukid at rebolusyonaryong magsasaka.

Ang proletaryadong industriyal ang pinakaprogresibong pwersa sa produksyon sa bayan ngayon. Nagbebenta sila ng kanilang lakas-paggawa sa mga may-ari ng kapital. Mababa ang kanilang sahod at lalo pang pinababa ng pataas nang pataas na mga presyo ng mga pangunahing kalakal. Maramihang pagtatanggal sa trabaho at kakulangan ng bagong pagkakataong makapagtrabaho ang laging nakaamba sa mga manggagawa sa kasalukuyang krisis.

Hangad ng proletaryadong industriyal ang pambansang industriyalisasyon para mapalaki ang kanilang bilang at lakas. Masugid silang nakikibaka sa dayuhan at pyudal na dominasyon.

## B. Krisis ng Estadong Malakolonyal

### 1. Ano ang estadong malakolonyal?

Ang estadong neokolonyal o malakolonyal ay instrumento ng imperyalismong US sa pagpapatuloy ng di tuwirang kolonyal na paghahari nito sa Pilipinas. Bunga ng paglaban ng mamamayan para sa pambansang kasarinlan, bumaling ang US mula sa tuwiran tungo sa hindi tuwirang paghaharing kolonyal noong ibinigay ang diumanong kasarinlan sa Pilipinas noong Hulyo 4, 1946. Ipinasa ng US ang pangangasiwa sa bayan sa mga lider pulitiko na mga burukratang

kapitalista, na lubos na sunud-sunuran sa US at kumakatawan sa interes ng mga lokal na mapagsamantalang uri, ang malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa.

Ang estadong neokolonyal ang pinakamataas at pinakamalaking pampulitika at panlipunang organisasyon sa Pilipinas. Saklaw nito ang buong lipunang Pilipino, ang bawat mamamayang Pilipino. Hinihingi nito ang pagsunod ng mamamayan sa ngalan ng batas at kaayusan sa loob ng teritoryo ng Pilipinas.

May tiyak na makauring katangian ito. Bukod sa pagiging marahas na instrumento ng kapangyarihang imperyalista, ang estadong neokolonyal o malakolonyal ay magkasamang makauring diktadura ng mga lokal na naghahari uri — ang malaking burgesyang kumprador at ang uring panginoong maylupa.

Pinalalabas ng mga reaksyunaryo na hindi nakabatay sa mga uri ang estado. Kundi, umiiral ito para sa pambansang interes at kapakanan ng lahat. Taglay diumano at ipinatutupad ng estado ang soberanong kagustuhan ng mamamayang Pilipino, at nangingibabaw at namamagitan ito sa nagkakaibang mga interes at sa mga hidwaan ng mga indibidwal, grupo at uri.

Ang makauring katangian ng estado ay ikinukubli ng pormal na pagkakaroon ng mga kalayaang sibil, mga pormal na demokratikong proseso at institusyon tulad ng Kongreso, mga eleksyon, mga organisasyong masa, at iba pa. Pero sa panahon ng krisis at rebolusyon, nalalantad ang katangian ng estado bilang instrumento ng makauring pamumwersa, isang kalipunan ng mga makinaryang mapamwersa tulad ng hukbo, pulisya, mga korte at bilangguan na nagsisilbi sa imperyalismong US at mga lokal na naghaharing uri.

**2. Paano naipagpapatuloy ng imperyalismong US ang dominasyon nito sa estadong neokolonyal?**

Ipinagpatuloy ng imperyalismong US ang dominasyon nito sa estadong neokolonyal nang ibinigay nito ang nominal na kasarinlan sa pamamagitan ng pagtiyak ng sariling mga base militar sa Pilipinas bilang kasangkapan sa patuloy na kontrol, dominasyon at agresyon dito. Dagdag dito, mahigpit at lubusang kontrolado ng US ang AFP na siyang pangunahing sangkap ng malakolonyal na estadong Pilipino.

Bago pa man ibinigay ng US ang diumanong kasarinlan sa Pilipinas, tiniyak na nito ang pagpapanatili sa mga base militar sa kasunduan kay Pres. Osmena

noong 1945 at sa Tratado ng Pangkalahatang mga Relasyon noong 1946. Sinundan ito noong 1947 ng Kasunduang RP-US sa mga Base militar. Nilalabag ng mga kasunduan at tratadong ito ang pambansang soberanya at teritoryal na integridad ng Pilipinas, at maging ang Konstitusyon ng 1935 at ang Tydings-McDuffie Law, ang batas ng US na nagtakda sa pagbigay ng nominal na kasarinlan sa Pilipinas.

Ang mga base militar ay nagsilbing mapamwersang impluwensya o panakot sa bawat papet na rehimen. Nakatali rito ang tulong-militar at suportang pang-ekonomya sa reaksyunaryong gubyerno.

Sa pamamagitan ng mga base militar, naitatali ng US ang Pilipinas sa mga pakanang militar nito sa Asya. Malaking papel ang ginagampanan ng mga base militar sa mga gerang agresyon ng US laban sa iba't ibang mamamayan sa Asya. Sa gayon, matagal na nailagay ang mamamayang Pilipino sa panganib na malipol sa isang digmaang nukleyar.

Bunga ng matindi at malawak na pagtutol ng mamamayan sa pagpapanatili ng mga base militar ng US, naitulak ang Senado na ibasura ang panukalang tratado na magpapatagal pa sana rito. Pero kahit nilansag at nilisan ng mga pwersang Amerikano ang mga base militar sa Pilipinas noong 1991, patuloy na nakakapasok at nakakagamit ng mga pasilidad ang mga ito sa ilalim ng kasunduan sa akses sa pagitan ng gubyernong US at rehimeng Ramos.

Kahit wala na ang mga base militar, nanatili ang mahigpit at lubusang kontrol ng US sa armadong pwersa ng estado, ang AFP. Tiniyak na ng US ang lubusang kontrol nito sa AFP noon pa mang 1935, sa pamamagitan ng Batas Komonwelt Blg. 1 (Batas sa Tanggulang Pambansa).

Nakasalig ang AFP sa US sa indoktrinasyon, estratehikong pagpaplano, estratehikong paniniktik, pagsasanay ng mga upisyal at mga suplay militar. Malayong mas malakas ang impluwensya ng JUSMAG sa AFP kaysa sa pinakamataas na mga antas ng gobyernong sibil ng Pilipinas. Sa treyning at mentalidad, sumusunod ang mga upisyal ng AFP sa US. Mula sa hanay nila nakakapagrekrut ang US ng mga ahente ng Sentral na Ahensya sa Paniniktik (Central Intelligence Agency o CIA) at Ahensya ng Depensa sa Paniniktik (Defense Intelligence Agency o DIA). Malinaw itong naipakita ng kawalan ng kontrol ni Marcos sa AFP nang sa huli'y nagdesisyon ang US na iurong ang suporta sa kanya.

Matibay na nakatanim sa AFP ang tradisyong sunud-sunuran sa linya ng US, na nagsimula noong ginamit ng US ang mga mersenaryong Pilipino para atakihin ang mga rebolusyonaryong Pilipino noong Digmaang Pilipino-Amerikano. Ang US ang responsable sa pagbubuo ng AFP, mula sa mga unang yunit nito hanggang sa kasalukuyan.

Ang AFP ang pinakamaasahang papet na organisasyon ng US sa Pilipinas at pinakaantagonistiko sa pambansa at demokratikong mga aspirasyon ng sambayanang Pilipino; para sa AFP, "komunismo" ang mga aspirasyong ito, at ang kahulugan ng "demokrasya" ay pro-imperyalismo, anti-komunismo at paglilingkod sa mapagsamantalang mga uri

**3. Paano ginagamit ng malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa ang estadong neokolonyal?**

Ginagamit ng malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa ang estado para ipagtanggol at isulong ang kanilang interes sa moda ng produksyon at superistruktura ng malakolonyal at malapyudal na lipunan, hanggat umaayon ito sa interes ng imperyalismong US.

Hanggat hindi naghaharap ng mga kahingian ang pinagsasamantalahang uring manggagawa at magsasaka na tahasang sumasalungat sa interes ng mga mapagsamantalang uri, lumilitaw ang neokolonyal na estado bilang mainam na institusyong kumikilos ayon sa interes ng mamamayan. Pero kailanman nagsasalungat ang interes ng pinagsasamantalahan at mapagsamantalang mga uri — kahit man lamang sa welga ng manggagawa o sa hayag na protesta ng mga magsasaka — madaling lumilitaw ang katotohanang nagsisilbi ang mga mapamwersang aparato ng estado sa mga mapagsamantalang uri. Sa kalagayan ng pangkalahatang krisis, ibayong nalalantad ang mapamwersang makauring katangian ng estado.

Kaakibat ng, o matapos mabigo ang mapanghimok na mga paraan para linlangin at pakalmahin ang aping masang anakpawis, napapatindi ng mapagsamantalang mga uri ang pagpapakita at paggamit ng dahas mula sa antas ng pribadong mga hukbo at mga armadong sibilyang pangkat, hanggang sa lokal na pulisya hanggang sa gamitin ang AFP.

Sa pamamagitan ng kanilang mga ahenteng pulitikal, tinitiyak ng mapagsamantalang mga uri na magiging instrumento rin nila ang AFP sa pamamagitan ng pagpapairal ng sarili nilang mga patakaran at ng pagtiyak na umaayon sa mga patakarang ito ang paghirang at promosyon ng mga opisyal.

### 4. Paano patuloy na lumulubha ang krisis ng estadong malakolonyal?

Nagbubunsod ang krisis sa ekonomya ng malaganap na ligalig sa lipunan at pagtindi ng armadong rebolusyonaryong kilusan. Ang mga ito'y bumibitak sa estadong neokolonyal at nag-uudyok sa mga paksyon ng mga naghaharing uri na maglunsad ng matinding paglalabanan sa isa't isa..

Sa anumang mapagsamantalang lipunan, hindi lamang tagapagtanggol ng mapagsamantalang mga uri ang estado sa pangkalahatan. Sa partikular, kasangkapan din ito ng lumalakas o naghaharing paksyon ng reaksyunaryong uri para sa mas mabilis na pagkamkam ng kayamanan at kapangyarihang pulitikal, sa kapariwaraan ng iba pang paksyon at ng buong sambayanan..

Bagamat nagkakaisa at nagsasabwatan sa pagtatanggol sa reaksyunaryong naghaharing sistema laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan, walang ganap na pagkakaisa sa pagitan ng mga uring malaking burgesyang kuomprador at panginoong maylupa. Mapapait ang mga tunggalian sa pagitan ng mga paksyon ng mga reaksyunaryong uri para sa pangingibabaw sa pulitika at para sa kontrol ng estado.

Sa relatibong normal na kundisyon, mapayapang nagpapaligsahan para sa kapangyarihang pampulitika at mga pakinabang sa ekonomya ang mga paksyon ng mga naghaharing uri sa pamamagitan ng sistemang dalawang-partido. Ang mga partidong Nacionalista at Liberal ang dalawang dominanteng partido hanggang noong 1972.

Sa kundisyon ng mas malalang krisis sa ekonomya, lumalala rin ang pampulitikang krisis ng naghaharing sistema hanggang sa punto ng armadong pagbabanggaan ng mga paksyon ng mga naghaharing uri. Ang pag-unti ng pang-ekonomyang nadarambong ng mga paksyon ang nagpapatindi sa kanilang pampulitikang paglalabanan.

Bilang namumukod-tanging pinakamakapangyarihang reaksyunaryong pwersa sa bansa, ang imperyalismong US ang ultimong nagpapasya sa anumang pagbabago sa saligang hatian ng kapangyarihan ng mga reaksyunaryong paksyon. Imperyalismong US ang utak sa kudeta ng pasistang pangkating Marcos laban sa republikang neokolonyal noong Setyembre 21, 1972, nang ideklara ang batas militar at itayo ang pasistang paghaharing diktador .

Ang awtokratikong mga ambisyon ni Marcos at kasakiman ng kanyang pangkating burukrata kapitalista ay nakatugma sa pakana ng US na patatagin

ang neokolonyal na estadong Pilipino para maagapan ang mga negatibong resulta ng pagkatalo ng US sa kanyang gerang agresyon sa Indotsina at ang papalalang pampulitika at pang-ekonomyang krisis ng naghaharing sistema.

Burukratang kapitalismo ang direktang batayang panlipunan ng pasismo. Ang paghahangad na magkaroon ng pribadong pag-aaring kapital at lupa sa pamamagitan ng paggamit ng kapangyarihan sa pulitika ang nagtulak kay Marcos para ipataw ang absolutong kapangyarihan sa ibabaw ng mamamayang Pilipino. Nang maghari ang kanyang awtokrasya, walang hangganan ang kanyang pandarambong sa bayan.

Labis na pinahirapan ng pasistang diktadurang ang mamamayang Pilipino. Mahigit anim na milyon ang pinalayas sa kanilang mga tirahan at lupa. Mga 150,000 tao ang napatay, at 100,000 ang nasugatan sa operasyong militar ng AFP. Di mabilang ang kinulong, tinortyur at walang pakundangang pinaslang.

Napakalaki rin ng pinsala sa naghaharing sistema. Lalong lumalim, mas mahirap lunasan at mas nakakamatay ang krisis sa pulitika at ekonomya ng naghaharing sistema. Ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyonaryo ay ibayong naging mas marahas at mas mapangwasak sa naghaharing sistema. Lumakas at patuloy na sumulong ang rebolusyonaryong kilusan.

**5. Anu-ano ang maihahanay na mga tampok na panahon ng kaigtingan ng krisis sa kasaysayan ng estadong neokolonyal.**

Sumusunod ang mga tampok na panahon ng kaigtingan ng krisis ng estadong neokolonyal:

**a.** Naganap ang unang mabigat na pagsubok ng estadong neokolonyal noong 1949 sa gitna ng malubhang krisis sa ekonomyang bunga ng pagkasaid ng reserbang dolyar. Pinatindi ng mga paksyong Quirino at Laurel ng naghaharing Partido Liberal at oposisyong Partido Nacionalista ang tunggaliang pulitikal na halos umabot sa pagsiklab ng gera sibil. Kaalinsabay, naglulunsad na ng armadong pakikibaka laban sa estadong neokolonyal ang rebolusyonaryong kilusan ng masang anakpawis na pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Matapos ang eleksyong 1949 kung saan laganap ang pandaraya at terorismo at nagbigay daan sa pagpapatuloy ni Quirino sa pagka-Presidente, pumayag ang nagngangalit na paksyong Laurel na makipag-alyado sa hukbong bayan sa armadong pakikibaka; pero kapagdaka ay umatras din ito.

Para masuhayan ang naghaharing sistema, sadyang pinalakas ng US ang armadong pwersa para labanan ang rebolusyonaryong mga pwersa at pinabango ang pangalan ni Magsaysay para masapawan ang mga paksyong Quirino at Laurel; tuwirang inatasan ng mga ahenteng US ang bagong-pinalakas na AFP na suportahan si Magsaysay sa paghahabol nito sa pagka-Presidente noong 1953.

Nagapi ang rebolusyonaryong kilusan noong panahon ni Magsaysay pangunahin bunga ng mga pagkakamali sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ng lideratong Lava.

Matapos madurog ang gulugod ng HMB noong 1950-52, nakapagpanibagong-lakas ang estadong malakolonyal sa pamamagitan ng programa ng pagkontrol ng mga import at dayuhang pera at pagpabor sa mga dayuhang empresa; at sa pamamagitan ng programa ng mabilis na pagpapalawak sa sistema ng mga paaralang publiko.

**b.** Pagkatapos ng malakihang paggastos at malawakang pandaraya at terorismo sa eleksyon ng 1969 at muling pagkakahalal ni Marcos, ibayong lumala ang ng krisis sa ekonomya at pinansya, bagay na kinumpirma ng debalwasyon ng piso at pagpapairal ng sistemang “floating rate” noong Pebrero 1970. Lalong pinaigting niyon ang krisis sa pulitika na tinampukan ng palaki nang palaking militanteng aksyong masa mula Sigwa ng Unang Kuwarto ng 1970 hanggang 1972, armadong pakikibakang sinimulan ng CPP at BHB sa Tarlac; anti-imperyalistang mga disisyon ng Korte Suprema tungkol sa kasong Quasha at Luzteveco; at malinaw na anti-imperyalistang mga tinig sa Konggreso ng Pilipinas at Kumbensyong Konstitusyonal.

Inialok ng rehimen ang Kumbensyong Konstitusyonal para pakalmahin ang mararahas na kontradiksyon sa lipunan. Kaalinsabay, sinuhulan, hinawakan at ginamit ito ni Marcos para gawing lehitimo ang pasistang diktadura at patagalin ang kanyang paghahari. Tiniyak din ni Marcos ang mahigpit niyang kontrol sa AFP sa pamamagitan ng pagbibigay ng pabor, promosyon at paglalagay sa kapangyarihan ng kanyang mga kamag-anak, kaibigan at kasamahan mula sa kanyang rehiyon. Pinairal niya sa buong AFP ang sistema ng personal na katapatan sa kanya.

Kapwa pinaigting ni Marcos ang pananalakay sa rebolusyonaryong kilusan at sa kanyang reaksyunaryong mga karibal sa pulitika. Pagkatapos ipakana ang pambobomba sa Plaza Miranda noong 1971 na lumipol sa halos buong

pambansang liderato ng oposisyong Partido Liberal, ipinroklama niya ang pagsuspindi sa kasulatan ng habeas corpus at ginamit iyong ensayo para sa deklarasyon ng batas militar at pagtatatag ng lantarang pasistang diktadura sa ilalim ng banderang anti-Komunista.

Noong Setyembre 21, 1972 idineklara ng pangkating US-Marcos ang batas militar. Ibinasura ang burgis-demokratikong gayak ng sama-samang makauring diktadura ng malalaking kumprador at panginoong maylupa. Ipinalit ang lantad na teroristang paghahari ng pasistang awtokrasya ng naghaharing pangkating malaking kumprador-panginoong maylupa.

Malinaw nitong ipinakita na naghihingalo na ang sistemang malakolonyal at malapyudal at hindi na makapaghari sa dating paraan ang mga naghaharing uring malaking kumprador at panginoong maylupa.

**k.** Ibayong lumala ang krisis sa ekonomya mula katapusan ng dekadang 1970 bunga ng pagbagsak ng presyo at laki ng eksport na hilaw na materyales sa internasyunal na pamilihang kapitalista; sobrang pangungutang sa dayuhan at walang habas na katiwaliang burukratiko; at pangkalahatang paglubha ng agraryo at malapyudal na katangian ng ekonomya ng bansa.

Kaalinsabay, mabilis na sumusulong at lumalakas ang armadong rebolusyonaryong kilusan at malawak na ligal na demokratikong kilusang masa. Lalong ikinasuklam ng mamamayan at maging karamihan ng mga reaksyonaryo ang karumal-dumal na pagsasagawa ng di mabilang na kabuktutan at pang-aabusong militar, kabilang ang asasinasyon ni Benigno Aquino noong 1983.

Maging sa loob ng pasistang pangkating Marcos ay lumitaw at mabilis na lumaki ang mga bitak sa pagitan ng mga paksyon nina Imelda, Enrile, Ver at Ramos. Inengganyo ito ng imperyalismong US na naghahanda na sa pagpapatalsik kay Marcos at pagbubunton sa kanya ng lahat ng sisi sa mga kahayupan at pananalasa ng pasistang diktadurang US-Marcos.

Ang krisis sa ekonomya at krisis sa pulitika ay kapwa umabot sa di karaniwang lubha at mabilis na nagpalala sa isa't isa. Hanggang sa huli, ang pagbabasura ng US at Simbahang Katoliko sa pangkating Marcos, ang pagkahati sa hanay ng AFP, ang dramatikong paghiwalay nina Enrile at Ramos, at ang pag-aalsa ng mamamayan sa Edsa ay nagtagpu-tagpo para mapalayas sa kapangyarihan ang pasistang pangkating Marcos.

**d.** Noong katapusan ng mga taong 1980 muling humambalos ang di karaniwang tindi ng krisis sa ekonomya at pinansya. Minana ng rehimeng Aquino ang kalagayang ekonomiko at pinansyal na mas masahol kaysa noong panahon ng rehimeng Marcos. Pero lalo pang pinasahol iyon ng tuluy-tuloy na pagtanggi ni Aquino na magsagawa ng mga saligang reporma para maigiit ang kasarinlan sa pulitika at ekonomya at magpatupad ng tunay at puspusang reporma sa lupa. Todo-todong piniga ang ekonomya ng lumalaking serbisyo sa utang sa mga dayuhan at ng transfer pricing, paglalabas ng ganansya ng mga dayuhang pamumuhunan, korupsyong burukratiko, gastos sa militar, pagkonsumo ng mga luho at iba pang aktibidad na nakasalig sa importasyon. Ang pangangasiwa ng rehimeng Aquino sa ekonomya ay tinampukan ng kabiguang makapagbunsod ng ni isang proyektong industriyal, pag-atras sa lehislasyon kaugnay ng reporma sa lupa, at malawakang pagkasira ng imprastruktura at mga serbisyong publiko. Nang magtapos ang paghahari nito, ang ekonomya ay binabayo ng malalaking depisit sa bayaran, kalakalan at badyet; at nakaswero na naman sa pagpapautang ng IMF at nilalapatan ng malakihang doses ng "paghihigpit ng sinturon" at "structural adjustment".

Minana rin ng rehimeng Aquino ang mas maigting na alitang internal sa loob ng istrukturang sibil at militar ng sistemang pampulitika. Mas mabigat din ang problema nito sa lumalakas na rebolusyonaryong kilusan na mas determinado pang ibagsak ang reaksyunaryong estado sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Sa lalong paglalim ng krisis sa ekonomya, malaganap at malalim ang diskontento ng masa ng sambayanan.

Mula Nobyembre 30 hanggang Disyembre 9, naganap ang tangkang kudeta ng RAM na mas malaki, mas marahas at mas lumapit sa tagumpay kaysa sa tangkang kudeta noong Agosto 1987. Sinamantala ng mga pasimuno ng kudeta ang popular na disgusto sa rehimeng Aquino dala ng lumalalang krisis sa ekonomya at inakusahan iyon ng pagkabigo sa kampanya ng antikomunistang panunupil, korupsyon at masamang pamamalakad sa ekonomya.

Ang diskontento ng masa ay sumambulat sa malaganap na mga aksyon at portestang masa gayundin sa patuloy na malaganap na rebolusyonaryong armadong pakikibaka ng BHB. Sa ilang pagkakataon, ang ligal na demokratikong kilusan ay nakapagsagawa ng mga dambuhalang protestang masa, gaya ng mga protesta laban sa pagtaas ng presyo ng mga produktong langis at laban sa pananatili ng mga base militar ng US. Gayunman, ang armadong pakikibaka ay pininsala ng malulubhang adbenturismong militar,

ang ligal na demokratikong kilusan ay sinabotahe ng malubhang paglihis na insureksyunista, at ang nagkakaisang prente ay ginulo ng mga konseptong kanang oportunista at anti-Partido.

[Mula 1997 pumutok ang pandaigdigang krisis sa ekonomya na pinakamalala mula pa ng Malaking Depresyon ng mga taong 1930. Itinulak nito ang lokal na reaksyunaryong sistema sa napakalalim na krisis sa ekonomya. Kaalinsabay, ang pagpalit sa kapangyarihan ng rehimeng Estrada na mabilis na naglantad sa sarili bilang rehimen ng mga pinakamasahol na tagapagmana ng pasistang diktadurang Marcos ay ibayong nagpapaigting ng mga alitan sa hanay ng mga reaksyunaryo, gayundin sa pagtutol at paglaban ng mamamayang labis na pinahihirapan ng mabilis pang pagsahol ng mga kalagayang sosyo-ekonomiko at pagtindi ng pasistang panunupil at pananalakay. Higit pa, ang rebolusyonaryong kilusan, bunga ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, ay matagumpay nang nakaigpaw sa malalaking pag-atras at pinsala at matatag at malawakan nang muling sumusulong at lumalakas sa iba't ibang larangan. Ang sitwasyon ay hinog sa mga posibilidad ng panibagong krisis sa pulitika na di hamak na mas malawak at mas malalim pa kaysa sa nakaraang mga kaigtingan nito.]

## K. Krisis ng Kulturang Pilipino

### 1. Saan nakabatay ang krisis ng kulturang Pilipino?

Ang kultura ay nakabatay at sumasalamin lamang sa ekonomya at pulitika. Kung ano ang mga pwersang dominante at mga pwersang umuusbong sa ekonomya at pulitika, sila rin ang mga pwersang dominante at mga umuusbong sa kultura. Ang magkakasalungat na mga pwersa??? at ang esensyal na kontradiksyon ay nagkakaroon ng mga anyong pang-ideolohiya at mga depinidong makinarya sa larangan ng kultura. Kaya't ang krisis sa kultura ng lipunan ay nakabatay at sumasalamin lamang sa krisis sa ekonomya at pulitika ng malakolonyal at malapyudal na lipunan.

Sinasaklaw ng kultura ang mga moda ng pag-iral at mga tunguhin ng kaisipan sa pilosopiya, pulitika, ekonomya, syensyang pangkalikasan at panlipunan, sining at literatura, hurisprudensya at moralidad. Kabilang sa mga makinarya ng kultura ang mga institusyon, iba't ibang tipo ng organisasyon at tauhan na nakakonsentra o nag-iispesyalisa sa gawaing pangkultura.

Gayunman, ang kultura ay hindi lamang repleksyon sa ideolohiya ng kasalukuyang mga pwersa at kontradiksyon sa ekonomya at pulitika.

Akumulasyon din ito ng mga ideya, kostumbre, kaugalian at katulad nito, na mula pa noong bago ang nakasulat na kasaysayan, at umiiral hanggang sa kasalukuyang kalagayan hangga't may mga nagdadala at hangga't bahagi ng sikolohiyang panlipunan ng mamamayan.

**2. Ano ang dalawang dominanteng pwersa sa kulturang Pilipino?**

Ang US ang pinakadominanteng pwersa sa kulturang Pilipino. Pumapangalawa rito ang Simbahang Katoliko. Ang dalawang pwersang ito ang nagdadala sa dominanteng mga ideya at nagkokontrol sa dominanteng mga makinaryang pangkultura sa malakolonyal at malapyudal na lipunan.

Nang magapi ng imperyalismong US ang lumang demokratikong rebolusyon, ginamit ng US hindi lamang ang superyor na pwersang militar at ang kahandaan nitong palakasin ang lokal na malaking burgesyang kumprador para maipataw ang kapangyarihan nito sa sambayanang Pilipino. Ipinalaganap din nito ang ideolohiya ng liberalismong maka-imperyalista at konserbatibo—na nagpoposturang demokrasyang liberal—para salungatin ang rebolusyonaryong nasyunalismo at ang progresibong liberalismo ng pinakaabanteng mga pantas ng lumang demokratikong rebolusyon.

Itinayo, pinalawak at epektibong ginamit ng US ang sistema ng edukasyon para dalhin at ipalaganap ang propaganda ng modernong imperyalismo at makalikha ng mga manggagawang marunong magbasa at sumulat, at mga katutubong propesyunal at teknisyan. Ipinatupad ang sistemang pensyonado para mapili at mapag-aral sa US ang pinakamahuhusay na mga Pilipino at sanayin sila bilang mga teknokrat, manedyer at mga akademiko na makadayuhan ang pag-iisip at handang pagsilbihan ang imperyalismong US. Sistematiko rin ang pagsasanay ng mga Pilipinong upisyal-militar sa mga kuta sa US.

Napamamayani sa buong sistemang pang-edukasyon ang mga pamamaraan at konseptong maka-imperyalista sa pamamagitan ng mga gurong sinanay sa US at mga programa at materyales sa pag-aaral na maka-US ang oryentasyon. Sa gayon malalim na naitatanim sa mga Pilipinong nakapag-aral ang kaisipang kolonyal. Karamihan ay mula sa petiburgesyang lunsod at bihirang-bihirang mula sa masang anakpawis, ang mga nakakapag-aral ay karaniwang nag-aambisyon at nagiging matataas na burukrata, propesyunal sa pribadong hanapbuhay, tagapangasiwa sa negosyo at upisyal militar.

Ang masmidya ang isa pang larangan ng kultura na dominado ng imperyalismong US at mga kinatawan nito sa kultura. Ang midyang nakasulat at elektronik ay behikulo ng maka-imperyalista at reaksyunaryong propaganda, tagaanunsyo ng mga produkto ng US, at tagahubog ng panlasa ng Pilipinong konsyumer. Ang mga pelikula at programa sa TV na gawa sa US at mga programa sa radyong nakatingala sa US ang mga pinakaepektibong tagapagdala ng maka-imperyalistang mga konsepto at estilo, kasama ang pinakabulgar at pinakadekadenteng mga ideya.

Gumanap ng importanteng papel sa sistemang pangkultura at pang-edukasyon ng Pilipinas ang mga ahensya ng gubyerno ng US tulad ng AID, USIS, Lupon sa Edukasyon, Peace Corps at mga pundasyong tulad ng Ford Foundation at Asia Foundation, gayundin ang mga programa sa palitan ng estudyante para sa iba't ibang sektor at mga pondong kaloob para sa pagbibyahe, pag-aaral at pananaliksik.

Ang Simbahang Katoliko ay kapagdakang umangkop sa dominasyon ng US mula nang umpisa niyon noong simula ng siglo. Namantini ng Simbahan ang saligang pyudal na ideolohiya nito kasama ang nangibabaw na ideolohiya ng modernong imperyalismo. Atubili nitong tinanggap ang prinsipyo ng pagkakahiwalay ng simbahan at estado. Sinasalamin ng pangingibabaw ng modernong ideolohiyang imperyalista sa ideolohiyang pyudal ang malapyudal na ekonomya at pulitika.

Bilang institusyon, ang Simbahan ang malakas na pang-ideolohiyang tagapagtanggol at nagbendisyon sa malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa. Malaganap ang pangkulturang impluwensya ng Simbahan sa hanay ng mamamayan sa pamamagitan ng pagtuturo ng relihiyon, mga ritwal, sermon, panalangin, publikasyon at katutubong kaugaliang ginawang kristyano o ang tinatawag na katutubong kristyanidad.

Kontrolado ng Simbahan ang malaking bahagi ng sistemang pang-edukasyon. Pag-aari ng simbahan ang karamihan sa mga pribadong eskwelahan sa bawat antas. Napapantayan ng mga ito ang pampublikong sistema sa edukasyon sa antas ng elementarya, at nilalampasan ito sa antas ng hayskul at kolehiyo.

Tinutuligsa ng mga panlipunang sulatin ng Papa ang kapitalismo at liberalismo sa isang banda, at ang sosyalismo at Marxismo sa kabilang banda, para mapatibay ang ispiritwal na misyon ng Simbahan at mga pyudal na paniniwala at kaugalian. Sa katunayan ang mga Katolikong unibersidad at

kolehiyo ay mabisang tagapagpalaganap ng burgis na mga teorya sa ekonomya, paraan ng pamamahala ng negosyo, at pinakapanatikong mga ideyang anti-komunista, anti-mamamayan at kontra-rebolusyonaryo. Tumutulong ang mga ito at ang mga tradisyonal na Katolikong pasilidad, masmidya at modernong pasilidad sa pagpapalaganap ng maka-imperyalista at reaksyunaryong mga ideya, at sa pagkikintal ng magugulong paniniwala, ideyalismong pyudal at suhetibismong burgis. Kilalang-kilala ang pinakamahuhusay na eskwelahang Katoliko bilang mga eskwelahan para sa mga anak ng mga nagsasamantalang uri.

**3. Paano nagtutunggali ang antinasyunal at ang makabayang mga pwersa sa kulturang Pilipino?**

Ginamit ng US ang cold war para itumbas ang anti-imperyalismo sa komunismo. Ikinontra ng US at ng mga Pilipinong ahente nito sa kultura ang abstraktong liberal na konsepto ng karapatang indibidwal sa konsepto ng pambansang soberanya at sa konsepto ng Pilipinas bilang independyenteng pambansang estado.

Ginagampanan ng US ang pinakamabigat na papel sa pagsalungat sa pambansang soberanya at kasarinlan ng mamamayang Pilipino. Ang mga Pilipinong makabayan na naninindigan para sa pambansang soberanya at kalayaan ay binabalewala o kinukutya ng maka-US na mga intelektwal. Ipinagkakait sa kanila ang mga oportunidad sa sistemang pangkultura at pang-edukasyon, kundi man ihinahanay sa kinakatakutang klasipikasyong "subersibo".

Epektibong katulong ng imperyalismong US ang Simbahang Katoliko sa pagbubunsod ng kaisipang kolonyal at paninira sa anti-imperyalistang kilusan bilang pakanang komunista. Ginagampanan nito ang espesyal na papel na ikontra ang mga sentimyentong relihiyoso sa anti-imperyalistang kilusan tulad ng ginawa nito noong panahon ng kolonyal na paghahari ng Espanya laban sa anti-kolonyalistang kilusan.

Noong dekada '50, maingay na sinalungat ng Simbahan ang sunud-sunod na rebolusyonaryong kilusang anti-imperyalista, ang pagpapalaganap ng pambansang yamang liberal tulad ng Noli at Fili, ang makabayang krusada ni Recto, ang progresibong mga akdang liberal sa Unibersidad ng Pilipinas, at ang patakarang "Pilipino Muna" ni Presidente Garcia. Bilang mga intelektwal na kumando ng Simbahan, ang mga Heswitang Amerikano at kanilang mga disipulong Pilipino ay tumampok sa pagsupil sa anti-imperyalista at anti-kolonyalistang mga ideya at pagpapatibay ng Batas Anti-Subersyon.

Gayunman, noong dekada ‘60, ang anti-imperyalistang inisyatiba ng mga rebolusyonaryong proletaryo at ang kanilang pakikipagkaisang prente sa mga progresibong liberal ay lumaban sa mga maka-imperyalista. Malalaking tagumpay ang natamo nila para sa anti-imperyalistang kilusan sa larangan ng pulitika at kultura. Sa kabila ng patuloy na pangkulturang agresyon ng US, lumitaw ang bagong demokratikong kultura na may malakas na anti-imperyalistang nilalaman. Nangunguna ang Marxismo-Leninismo sa malaking kilusang intelektwal at pangkultura.

Lalo pang ipinagmalaki ng mga Pilipinong intelektwal ang kanilang sariling pambansang lenggwahe at ginamit ito sa pagsuway sa matagal nang pangingibabaw ng Inggles sa mga klasrum, upisyal na komunikasyon at babasahin para sa mataas na antas. Malaki din ang pagpapahalaga sa rebolusyonaryong tradisyon at katutubong natamo sa pambansang kultura.

Sumiklab at namulaklak ang bagong demokratikong rebolusyon pangkultura noong 1971-72. Malaking bilang ng nakapag-aral ang nag-umpisang magtanong, pumuna at tumanggi sa mga imperyalistang katangian ng kultura at edukasyon ng US. Napukaw sila ng krisis ng naghaharing sistema at nabigyan ng inspirasyon ng lumalaking kilusang masa. Nasuklam sila sa gerang agresyon ng US sa Byetnam, at nahimok ng halimbawa ng papalaking bilang ng mga intelektwal na Amerikano na tanggihan ang realidad at pang-ideolohiyang pagpapalagay ng imperyalismong US.

Ang pagpapataw ng pasistang diktadura noong 1972 ang desperadong pagtugon ng US at mga lokal na reaksyunaryo sa tumitinding kilusang anti-imperyalista. Tulad ng lahat ng iba pang rebolusyonaryong pwersa, ang mga pwersa ng rebolusyong pangkultura ay patuloy na dumami sa kilusang lihim sa kalunsuran at sa sonang gerilya.

Ipinatupad ng pasistang diktadura ang mga dikta ng imperyalismong US na isaayos ang sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas para matugunan ang mga pangangailangan ng dayuhang mga kumpanyang multinasyunal sa mga teknisyan at manedyer. Gayundin ang diktang gumawa ng pang-eskwelahang mga libro na nagsisilbing mga behikulo ng maka-imperyalista at pasistang propaganda na pandagdag sa pang-araw-araw na propagandang inilalabas ng kontroladong masmidya.

Itinaguyod o hinayaan ng mga lider ng Simbahang Katoliko ang gawain ng pasistang diktadura ng pangkating US-Marcos dahil ipinakita nito ang sarili

bilang pwersang anti-komunista. Pero sa halos buong dekadang ‘70 at pagkaraan nito, parami nang parami ang progresibong lider relihiyoso at taong-simbahan na pumanig sa mamamayan sa pagtatanggol ng kanilang makataong mga karapatan sa harap ng napakarahas na kabangisan at pang-aabuso ng mga pasistang sinulsulan ng US, gayundin sa pagtatanggol sa kanilang mga pambansang karapatan sa harap ng imperyalistang pandarambong sa pamamagitan ng multinasyonal na kumpanya at bangko, at paglabag sa pambansang soberanya at panteritoryong integridad sa pamamagitan ng mga base militar ng US.

Sa kabilang banda, manipestasyon ng krisis sa sistemang pangkultura na maka-imperyalista at reaksyunaryo ang pagtalikod ng mga nakapag-aral sa anti-nasyonal na pangkulturang kontrol at impluwensya ng imperyalismong US gayundin ang pagdami ng mga progresibong relihiyoso na may paninindigang makabayan sa loob ng Simbahang Katoliko.

Ang malalaking bitak sa dominanteng pwersang pangkultura ay tiyak na lalawak at sasamantalahin ng mga pwersa ng bagong demokratikong rebolusyon sa kultura.

**4. Bakit itinutulak ng US at Simbahang Katoliko ang anti-siyentipikong kutura?**

Dahil salungat sa pambansang industriyalisasyon at gustong mapanatiling agraryo ang ekonomya ng Pilipinas, ang US ay hindi maaasahang maging balon ng siyentipiko’t teknolohikal na pagsulong para sa bayan habang nananatiling malakolonyal at malapyudal ang katangian nito.

Walang anumang programa ang sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas sa pagtataguyod ng mga pag-aaral sa saligang syensyang panlipunan. Gayundin, marami-raming inhinyero at teknolohista na hindi makahanap ng angkop na trabaho sa ekonomyang pre-industriyal. Kaya nagtatrabaho sila bilang mga ahenteng tagabenta ng mga kumpanyang multinasyonal o di kaya nangingibang bayan ang marami sa kanila.

Samantalang gustong bolahin ng ilang tao ang sarili na ang pag-eeksport ng mga propesyunal at manggagawang may kasanayan ay manipestasyon ng progresibong katayuan ng Pilipinas, ang totoo'y manipestasyon ito ng krisis — ang kawalan ng kakayahan ng pambansang ekonomya na iabsorb ang mga kailangang ieksport sa murang presyo sa kabila ng mataas na gastos sa edukasyon na inaako ng lipunang Pilipino.

Samantalang pinili ng ilang propesyonal na maghanap ng trabaho sa ibang bayan, ang iba pa'y sumama sa rebolusyonaryong kilusan. Ito'y isang penomenon na nagpapakita ng grabeng krisis sa sistema. Sa katunayan, parami nang paraming istudyante at gradweyt ng kolehiyo ang sumasama sa rebolusyonaryong kilusan. Ang buong petiburgesya ng kalunsuran ay bumabaling sa panig ng masang anakpawis sa iisang pakikibaka sa pang-aapi at pagsasamantala.

Ang pilosopiya, syensyang panlipunan, sining at literatura, batas, edukasyon, ekonomiks at kurso sa pagnenegosyo ay mga larangan ng lantaran at tuluy-tuloy na paggawa ng teorya at pagpopropaganda ng mga pangkultura at pang-edukasyong kinatawan ng imperyalismong US at Simbahang Katoliko.

Nasa mga larangang ito ang higit na nakakaraming mayorya ng mga estudyante sa kolehiyo. Sa mga panahong di gaanong kritikal, sila ang mga tagapagdala ng ganap na di syentipiko, mapanlito, maka-imperyalista at reaksyonaryong mga ideya. Pero sa panahon ng krisis, nahaharap sila sa mga saligang problema ng lipunan na di maipaliwanag ng kanilang pormal na edukasyon, at naaakit sila sa syentipikong teorya at praktikal na pakikibaka ng mga rebolusyonaryong proletaryo at malawak na pambansa-demokratikong kilusan.

Pwedeng tanggihan ng ilan ang suhetibismong burges ng ideolohiyang imperyalista at metapisikang midyebal ng pinakamarami sa simbahan at mahahawan ang kanilang daan sa rebolusyonaryong teorya at praktikang proletaryo. Natutuhan naman ng iba pa na panatilihin ang syentipiko at kapakipakinabang sa kanilang pormal na edukasyon at kahit paniniwalang panrelihiyon, at gayundin, maintindihan at matanggap ang pangkalahatang programa ng bagong demokratikong rebolusyon.

Manipestasyon ng krisis sa kultura at lipunang Pilipino ang kapansin-pansing pagbaling sa pambansa-demokratikong kilusan ng mga estudyante at gradweyt sa kolehiyo. Nananawagan sila para sa naaangkop na edukasyon at radikal na transpormasyon ng lipunan.

### 5. Bakit antimasa ang naghaharing kulturang kolonyal at malapyudal?

Nilikha ng imperyalismong US at Simbahang Katoliko ang malakolonyal at malapyudal na kultura na naaangkop sa malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa bilang mga naghaharing uri.

Ang kulturang ito'y nagsisilbi para mabigyang-matwid, magawang sagrado at lehitimo, at mapaganda ang sistema ng pang-aapi at pagsasamantala. Hangad nitong disarmahan at ihele ang mga inaapi at pinagsasamantalahanag mamamayan sa paraang mental, emosyonal at moral at ipatanggap sa kanila ang kanilang mga kundisyon.

Sa mas nakatataas na antas ng sistemang pangkultura, nananaig ang mga naghaharing uri bilang mga tagagawa ng patakaran, may-ari at tagakontrol ng pangunahing institusyong pangkultura, sistemang pang-edukasyon, masmidya at lahat ng iba pang malaking pamamaraan sa pag-impluwensya ng pag-iisip, pandama at moralidad ng mamamayan.

Sa intelihensya nagririkrut ng pinakamahusay na personel sa kultura ang naghaharing uri. Pero ang higit na nakakaraming mayorya ng intelihensya ay hindi makakaangat sa lipunan mula sa antas ng swelduhan tungo sa pagiging naghaharing uri. Sa panahon ng krisis, may tendensya ang intelihensya na umugnay sa masang anakpawis na mga manggagawa't magsasaka at pumuna at lalo pang tumuligsa sa sistema ng pang-aapi at pagsasamantala.

Sa lantaran at pinong mga paraan, ang malakolonyal at malapyudal na kultura ay hindi lamang naggigiit sa mga tanging karapatan ng mga malaking kumprador at panginoong maylupa. Kundi, ipinagkakait din nito ang pagkakataong makapag-aral sa milyun-milyong bata at naglilimita sa karamihan ng batang mag-aaral sa antas ng Ikapat na Grado, antas na di naggagarantya na makakabasa't makakasulat. Naglalabas pa ito ng bulgar at nakakasamang pangkulturang handog na nanlilito sa masang anakpawis mula sa sarili nilang makauring interes at pakikibaka.

Pero ang krisis sa sistemang pang-ekonomya ay nagiging krisis sa sistemang pampulitika. At ang panlipunang kaguluhan at kawalang kakayahan ng mga naghaharing uri na maghari sa dating paraan ay nagiging dahilan ng pinakamatinding pang-ekonomya at pampulitikang labanan sa hanay ng naghaharing uri at sa pagitan ng mga naghahari at pinaghahariang uri. Tumatagos sa larangan ng kultura ang tunggalian ng mga uri.

Sa hangad na makuha ang kapangyarihang pampulitika, ang pinakaabanteng pwersa sa produksyon at pulitika — ang uring manggagawa — ay kinakatawan ng kanilang partido na may teorya at praktikal na programa na hindi lamang sumasaklaw sa mga layunin sa ekonomya at pulitika kundi pati sa layunin sa kultura. Saklaw ng programa ng demokratikong rebolusyong

bayan ang pagpapaunlad ng bagong demokratikong kultura na pupukaw at magbubuklod sa saligang alyansa ng uring manggagawa at uring magsasaka bilang pangunahing pwersa, at kakabig sa panggitnang saray ng lipunan sa isang pambansang nagkakaisang prente.

Ang bagong demokratikong kulturang ito na pambansa, siyentipiko at pangmasa ay nagsisilbi sa mamamayan at lumalaban sa anti-nasyunal, anti-siyentipiko at anti-mamamayang kultura ng lipunang malakolonyal at malapyudal.

## D. Krisis sa Relasyong Internasyunal

### 1. Saan nakabatay ang krisis sa relasyong internasyunal ng Pilipinas?

Ang krisis sa relasyong internasyunal ng Pilipinas ay nakabatay at sumasalamin sa relasyon ng US bilang amo at ng Pilipinas bilang kliyenteng estado. Ang patakarang panlabas ng Pilipinas ay nakapailalim sa kapangyarihan ng patakarang panlabas ng US. Sinasalamin lamang nito ang malakolonyal o neokolonyal na katayuan ng mga patakarang panloob o lokal ng Pilipinas.

Ang relasyong US-RP ang pinakaimportante sa relasyong internasyunal ng Pilipinas. Ang di pantay at nagsasalungatang interes ng US bilang amo at ng Pilipinas bilang kliyente ang nasa ubod ng palagian at kasalukuyang krisis ng patakarang panlabas ng Pilipinas. Nagkakaporma at nasasalamin din ang krisis na ito sa relasyon ng Pilipinas sa iba pang bayang kapitalista, at sa mga bagong pinalayang bayan, mga kilusan sa pambansang pagpapalaya at mga bayang sosyalista.

### 2. Ano ang pundasyon ng relasyong US-RP?

Ang pundasyon ng relasyong US-RP ay itinakda ng serye ng di pantay na mga tratado, kasunduan at batas. Ang mga ito'y tinawag na “ispesyal na relasyon”, na sa esensya ay walang iba kundi ang mahigpit at ganap na kontrol ng US kapwa sa panloob at panlabas na mga patakaran ng Pilipinas. Tampok sa mga tratado, kasunduan at batas na ito ang sumusunod:

a. Tratado ng US-RP sa Pangkalahatang Relasyon (1946) — kinilala ang pananatili ng karapatan ng US sa pagmamay-ari at mga base militar ng US at pagbabalangkas ng patakarang panlabas ng Pilipinas alinsunod sa patakarang panlabas ng US.

b. Batas Bell ng US sa Kalakalan (1947) — pinatagal ang malayang kalakalan, itinakda ang pagpapailalim ng piso ng Pilipinas sa dolyar ng US at iginiit ang Susog Pariti sa Konstitusyon ng Pilipinas.

k. Susog Pariti — hinayaan ang mga mamumuhunan ng US na magkaroon ng sandaang porsyentong (100%) sosyo sa mga korporasyong nakikinabang sa likas na yaman at sa mga yutiliting pampubliko.

d. Kasunduang Laurel-Langley (1954) — muling pinagtibay ang Susog Pariti, at sa paraang di konstitusyonal ay pinalawak ito sa lahat ng klase ng negosyo, kasama ang pagmamay-ari at paggamit sa pribadong lupang agrikultural. Nirebisa ang taripa at sistemang kota para mapag-ibayo ang pag-eeksport ng hilaw na materyales at pag-iimport ng yaring produkto mula sa Estados Unidos. Pormal na isinuko ang kontrol sa sistemang pananalapi ng bayan sa Pilipinas, pero ang totoo'y umasa sa dolyar ng US ang ekonomya sa pamamagitan ng pakikipagkalakalan sa US, at pamumuhunan at pautang ng US.

e. Kasunduan ng US-RP sa mga Base Militar (1947) — pinayagan ang mga base militar ng US sa malalawak na lupainp at hinayaan ang mga pwersang militar ng US na makontrol ang buong bayan sa pamamagitan ng pagpepwera sa mga ito sa hurisdiksyon ng Pilipinas kahit sa labas ng mga base, at pagpayag na mapalawak o mapalaki ang mga ito ayon sa disisyon ng US.

g. Kasunduan ng US-RP sa Tulong-Militar (1947) — sinigurado ang kontrol ng US sa Armed Forces of the Philippines o AFP. Sa pamamagitan ng Joint US Military Advisory Group o JUSMAG, pinalawak ng US ang istratehiko at pang-istap na pamamahala, lohistika, treyning at koordinasyon ng paniniktik sa AFP. Ang mga tagapayong militar ng US ay lumalahok sa mga operasyong militar ng AFP.

h. Kasunduan sa Pang-ekonomya at Teknikal na Kooperasyon (1951) — pinapayagan ang US na maglagay ng mga pang-ekonomya't teknikal na tagapayo sa bawat istratehikong sangay ng gubyerno ng Pilipinas. Ang mga tagapayong ito ang namamahala at nag-iimpluwensya sa mga patakaran, nagsasagawa ng propagandang imperyalista, naniniktik sa ekonomya't pulitika, at nagtitiyak na ang "ayuda" ay nagreresulta sa

mabilis na pagkamal ng tubo ng mga kumpanya ng US mula sa mga dayuhang pautang, ipinagkaloob na pera at pantapat na pondong piso sa pamamagitan ng pagbili ng kalakal ng US at labis na bayad sa mga kontratista at ekspertong Amerikano.

i. Ang mga kinatawan ng US-AID (at mga ahensyang nauna rito) ay hindi lamang naging mga pang-ekonomya't teknikal na ahente ng mga monopolyo ng US kundi mga pangkulturang agresor, ahente ng CIA at tagapayo at tagapagsanay ng Konstabularya ng Pilipinas at lokal na ahensya ng pulisya sa paglalansag ng mga nagtitipun-tipong tao at kontrainsureksyon.

l. Kasunduan ng US-RP sa Pagdedepensahan ng (1951) — pinapayagan ang US na gumamit ng mga tropang mananalakay sa panghihimasok sa panloob na usapin ng Pilipinas sa kunwa'y paninisiguro sa "kapayapaan" at "seguridad ng isa't isa".

m. Kasunduan ng Manila (1954) — lumikha sa Tratadong Organisasyon ng Timog-Silangang Asya (Southeast Asian Treaty Organization o SEATO) para sa "panrehiyong depensa ng Timog-Silangang Asya". Sa pamamagitan nito, mapapasangkot ang Pilipinas sa mga adbentura ng US sa iba pang bayan sa rehiyon, at masasangkot din ang mga bayang myembro ng SEATO, na karamiha'y mga bayang wala sa Timog-Silangang Asya, sa usapin ng Pilipinas. Pero ang SEATO ay naparalisa ng mga kontradiksyon ng US at iba pang bayang myembro ng SEATO.

n. Kasunduan sa mga Kalakal na Agrikultural, na kontrolado ng Batas Publiko Blg. 480 ng US (kilala bilang Batas sa Pagpapaunlad ng Kalakalan at Tulong Agrikultural) — nagbibigay laya sa US na idispatsa ang sarplas na produktong agrikultural sa pamamagitan ng pagtatambak ng mga ito sa Pilipinas. Ginamit ito para makontrol ang ilang "intermedyang" industriya (arina, tela, sigarilyo, pagkain ng hayop at katulad ng mga ito); ginamit rin ito para mamanipula ang lokal na produksyong agrikultural. Ang napagbentahan ng mga produktong agrikultural ng US ay ginamit para suportahan ang kampanya sa propaganda at mga programa sa edukasyon.

Naipataw ng US ang di pantay na mga tratado at kasunduan na pundasyon ng patuloy na dominasyon sa Pilipinas at patakarang panlabas nito dahil ipinakita

ng US ang sarili bilang "tagapagpalaya" ng bayan sa pananakop ng mga Hapones at tagapagbigay ng kalayaan sa Pilipinas, nasamantala ang pagkawasak ng bayan at kahirapan ng mamamayan at naikalat ang panatikong anti-komunistang propagandang "Cold War".

**3. Ano ang krisis sa Relasyong US-RP?**

Sa buong panahong malakolonyal, nasa krisis lagi ang relasyong US-RP at mas nalubog sa krisis sa sunud-sunod na dekada. Ang krisis na ito sa relasyong US-RP gayundin sa buong relasyong panlabas ng Pilipinas ay nagmumula sa mga kontradiksyon sa lipunang Pilipino na pinaghaharian ng US.

Mula nang maitayo ang malakolonyal na estado, wala pang anumang deklarasyon ang mga papet na rehimen na lumalayo sa patakarang panlabas na idinikta ng US. Kung tutuusin, ang mga pundamental na pagbabago sa patakarang panlabas ay magaganap lamang batay sa determinasyong makakalas sa kapangyarihan ng imperyalismong US at baguhin ang malakolonyal at malapyudal na lipunan.

Ang sunud-sunod na papet at reaksyunaryong gubyerno ay determinadong kumomporme sa mga dikta ng gobyerno at mga kumpanya ng US, mga internasyunal na ahensyang kontrolado ng US (gaya ng IMF at World Bank), at iba pang imperyalistang gobyerno at dayuhang monopolyong bangko at kumpanya. Sabik ang mga ito na maakit ang mga kumpanyang multinasyonal, makatanggap ng bilateral na ayuda ng US na nakaugnay sa mga ispesyal na pribilehiyo ng mga kumpanya ng US at sa mga pwersang militar ng US, mamalimos ng mas mainam na kundisyon para sa natipong dayuhang pautang at mas malalim na magpalubog sa bayan sa pagkakautang sa dayuhan.

Ang diin ng patakaran ay magkonsentra sa agrikultura at umiwas sa industriyalisasyon, iliberalisa ang mga import, ipako ang sahod, palawakin ang lokal na baseng pamumuwisan, at iba pa. Patuloy ang mga di pantay, mapamwersa at mapagsamantalang mga tratado, kasunduan at iba pang batayan ng relasyong US-Pilipinas.

Desperado ang mga papet na rehimen para sa ayudang pang-ekonomya at militar mula sa US. Kaya't ginagawa ng mga ito ang lahat para mapanatili ang imperyalistang kapangyarihan sa Pilipinas, laluna ang mga pwersang militar nito, kahit na labag maging sa reaksyunaryong konstitusyon at mahigpit na tinututulan ng mamamayan. Noong 1991, bunga ng malawak at malakas na paglaban ng mamamayan, napilitan ang Senadong ibasura ang tratado na

nagpapanukala ng pagpapanatili ng mga base militar ng US sa Pilipinas. Gayunman, pumasok ang rehimeng Ramos sa kasunduang nagpapahintulot sa patuloy na pagpasok at paggamit ng mga pwersang militar ng US sa mga pasilidad sa Pilipinas.

Paulit-ulit sa nakaraan, nagamit ng US ang mga mersenaryong tropang Pilipino sa mga digmang agresyon sa Asia, gaya ng sa Korea noong mga unang taon ng dekada 1950 at sa Indotsina noong dekadang 1960. Nagamit din ang patakarang panlabas ng Pilipinas at mga ahenteng Pilipino sa kontrarebolusyonaryong mga aktibidad sa Timog-Silangang Asya, laluna sa Indonesia at Indotsina.

Sa mga kumperensyang internasyunal ang delegasyon ng gubyerno ng Pilipinas ay mistulang tagapagpaliwanag at tagapagtanggol ng patakarang panlabas ng US, sa halip na tagapagtanggol ng soberanong interes ng Pilipinas at tagasuporta ng mga bagong pinalayang bayan at kilusan sa pambansang pagpapalaya sa Asya at Aprika.

Hindi magkakaroon ang gubyerno ng Pilipinas ng kapuri-puring papel sa pakikibaka ng Ikatlong Daigdig para sa bagong internasyonal na kaayusan sa ekonomya, at para sa kalayaan, katarungan, pag-unlad at kapayapaan hangga't ang imperyalismong US at lokal na mga reaksyonaryong uri ay patuloy na yumuyurak sa mamamayang Pilipino at nagtatakda ng patakarang panlabas ng Pilipinas.

## II. Mga Uri sa Lipunang Malakolonyal at Malapyudal

**1. Ano ang mga prinsipyong gumagabay sa ating pag-iiba-iba at pagkilala sa mga uri sa lipunan?**

Ang katayuan ng tao sa ekonomya ang nagtatakda ng uring kanyang kinabibilangan. Ito ang pangunahing batayan sa pag-iiba-iba at pagkilala sa mga uri. Pumapangalawang batayan ang paninindigang pampulitika. Ayon sa saligang prinsipyo ng materyalismong istoriko sa pagkilala sa mga uri, "ang pamumuhay sa lipunan ang nagtatakda sa kamalayang panlipunan".

Gayunman—sa panahon at pag-unlad ng pakikibakang pampulitika at pag-igting ng labanan ng rebolusyon at kontrarebolusyon, kung kailan nalalantad nang husto ang di mapapagkasundong tunggalian ng mga mapagsamantala at

pinagsasamantalahan—lalong tumatalas ang pagkakaiba-iba ng mga uri at mas tumitingkad ang halaga ng paninindigang pampulitika bilang pamantayan sa pagsusuri sa mga uri.

Para malaman ang katayuan sa ekonomya, kailangang tukuyin ang pusisyon sa sistema ng produksyon. Ibig sabihin, kailangang alamin ang pag-aari ng mga kagamitan sa produksyon, papel sa produksyon at bahaging nakukuha mula sa produkto ng lipunan, kasama na ang pamamaraang ginagamit para maangkin ang bahaging ito. Kaya, para mapag-iba-iba ang mga uri, kailangang sagutin ang sumusunod na mga tanong:

a. Sinu-sino ang nagmamay-ari at kumokontrol sa mga kagamitan sa produksyong panlipunan? Gaano kalaki ang pag-aari ng bawat grupo o uri?

b. Lumalahok ba sa paggawa o hindi? Kung oo, esensyal ba o hindi ang gayong paglahok sa kabuuang takbo ng produksyon?

k. Gaano kalaki ang kinikita? Anong paraan ang ginagamit ng bawat uri para maangkin ang kinikita nila?

Para malaman naman ang paninindigang pampulitika ng bawat uri, kailangang malaman kung sila'y inaapi o nang-aapi, kung naghahari o pinaghaharian, kung sang-ayon sa rebolusyon o hindi, at kung ano ang mga ginagawa para ipakita ang pagsang-ayon o pagkontra sa rebolusyon.

Sa kabuuan, nililinaw ng pag-aaral sa katayuang pang-ekonomya at paninindigang pampulitika ang relasyon sa pagitan ng nagsasamantala at pinagsasamantalahan, ng nang-aapi at inaapi, ng naghahari at pinaghaharian, at ng rebolusyonaryo at kontra-rebolusyonaryo.

Mananatili ang saligang makauring balangkas ng lipunan habang hindi nagaganap ang pundamental na pagbabago rito. Pero sa panapanahon, may nagaganap na malalaking pangyayari na nagbubunga ng mga pagbabago sa uring kinabibilangan ng malaki-laking bilang ng tao o grupo ng tao. Laluna sa panahon ng rebolusyon, mabilis ang mga pagbabago sa ekonomya't pulitika na nagbubunga ng mga pagbabago sa katayuang pang-ekonomya o paninindigang pampulitika ng mga grupo ng tao at maging ng buu-buong uri.

Mahalaga sa istratehiko at taktikal na pamumuno ang palagiang pagsubaybay sa mga pagbabago sa kalagayan sa ekonomya at pulitika, pag-aralan ang mga epekto ng mga pagbabago sa katayuan at relasyon ng mga uri, at mulat na iugnay ang mga ito sa mga pangangailangan ng istratehiko at taktikal na pamumuno sa rebolusyon.

Gayundin, kailangang suriin sa panapanahon ang uring kinabibilangan ng mga indibidwal. Maliban sa mga pagbabago sa katayuang pang-ekonomya at paninindigang pampulitika ng grupo ng tao, pwede ring magbago ang uring kinabibilangan ng isang indibidwal o isang pamilya dulot ng pagbabago ng kanya o kanilang katayuang pang-ekonomya at paninindigang pampulitika.

**1. Ano ang mga pangunahing katangian ng malaking burgesyang kumprador?**

Ang malaking burgesyang kumprador ang mga nagmamay-ari at kumokontrol sa pinakamalalaki at pinakamahahalagang pasilidad pangkalakalan, pampinansya at panserbisyo na hindi direktang subsidyaryo ng mga empresang dayuhan. Hawak nila ang pinakamalaking konsentrasyon ng kapital (komersyanteng kapital) sa negosyo ng pag-eeksport ng hilaw na materyales at pag-iimport ng mga yaring produkto. Sila ang tumutubo nang malaki mula sa kalakalang kolonyal ng Pilipinas at mga bayang imperyalista, sa partikular ang U.S. at Hapon.

May-ari sila ng mga pabrika at makinarya na nagpoproseso ng mga pang-eksport na hilaw na materyales tulad ng asukal, kopra, troso at minerales; mga planta at makinarya na nag-aasembol ng iniimport na mga yaring produkto; mabibigat na kasangkapan para sa import at eksport, at sosyo sa mga bangko at korporasyong imperyalista.

Nagkakamal ng malaking tubo ang malaking burgesyang kumprador mula sa pagsasamantala sa lakas-paggawa ng mga manggagawa, pag-eeksport ng hilaw na materyales, at pag-iimport ng mga yaring produkto. Sila ang pinakamalalaking ahenteng lokal ng mga dayuhang monopolyong kapitalistang nagnenegosyo rito. Pinipigilan nila ang pag-unlad ng ekonomyang pambansa dahil nakasalalay sa nagsasamantalang imperyalista ang buhay nila.

Karamihan sa malaking burgesyang kumprador ay malalaking panginoong maylupa rin. Dating pyudal na pagmamay-ari ng lupa ang basihang pang-ekonomya nila. Nananatiling nakasalalay ang interes nila sa produksyon ng pang-eksport na hilaw na mga materyales na ang kalakha'y produktong agrikultural.

Ang kayamanan ng bayan ay nakakonsentra sa iilampung pamilya ng malaking burgesyang kumprador at malaking panginoong maylupa tulad ng mga Marcos, Soriano, Cojuangco, Enrile, Benedicto, Zobel, Tan, Sy Gokongwei, Lopez, Elizalde, Ortigas, Aboitiz at iba pa.

Kabilang sa malaking burgesyang kumprador ang mga manidyer at abugado ng malalaking korporasyon, malalaking akawntant, mga huwad na lider-obrero, at mga intelektwal na mataas ang sweldo at tuwirang naglilingkod sa malaking burgesyang dayuhan at lokal.

Ang malaking burgesyang kumprador ang pinakamabagsik na nagtataguyod sa pagpapanatili at pagpapatindi ng imperyalistang paghahari sa lipunang Pilipino. Marahas, buktot at mabangis ang pagsalungat nila sa pambansang demokratikong mga mithiin ng sambayanang Pilipino at ang paglaban nila sa rebolusyon. Kasama ang uring panginoong maylupa, ang malaking burgesyang kumprador ay target ng rebolusyong Pilipino.

Pinaghaharian ng malaking burgesyang kumprador ang kalunsuran. Sa pambansang antas, nangingibabaw ang mga ahente nila sa mga humahawak ng kapangyarihang pang-estado. Ginagamit nila ang bahagi ng malaking ganansyang nahuhuthot sa manggagawa't sambayanang Pilipino upang tustusan ang mga reaksyunaryong partidong pulitikal, organisasyon ng mga negosyante, at mga organisasyong sibiko at kleriko.

Ang pangunahing mga burukratang kapitalista, kundi man kabilang na sa malaking burgesyang kumprador sa simula , ay napapabilang sa kanila sa pamamagitan ng paggamit sa pusisyon upang magpayaman at maglingkod sa interes ng mga dayuhang monopolyong kapitalista, malaking burgesyang kumprador at malaking panginoong maylupa laban sa sambayanang Pilipino.

**2. Ano ang mga pangunahing katangian ng uring panginoong maylupa?**

Ang mga panginoong maylupa ang nagmamay-ari ng malalawak na lupaing agrikultural. Hindi sila lumalahok sa esensyal na paggawa at pinagsasamantalahan nila ang masa unang-una na sa pamamagitan ng pagsingil ng napakataas na upa sa lupa.

Nagpapautang sila ng pera sa interes na usurero, umuupa ng manggagawa o di kaya'y namimilit na pagsilbihan sila ng kasama at pamilya nila, bilang isang porma ng tributo. Dinaraya nila ang mga kasama nila sa kwenta ng gastos sa binhi, abono, pestisidyo, patubig at paggamit ng makinarya. Binibili nila ang

lupa ng naghihirap at nagigipit na mga magsasaka at kinakamkam ang lupang binubungkal ng maliliit na setler at mga pambansang minorya.

Ang uring panginoong maylupa ang pangunahing sagabal sa pag-unlad ng ekonomya ng Pilipinas dahil sa matinding pagpapahirap nila sa masang magsasaka at sa papel nila bilang baseng panlipunan ng imperyalismo.

Kabilang din sa uring panginoong maylupa ang sumusunod:

1) mga nangungupahan o konsesyonero ng malalawak na lupaing pag-aari ng reaskyonaryong gubyerno, mga panginoong maylupang bangko, simbahan, eskwelahan, o nakatira sa ibang lugar;

2) mga manidyer at tagalako ng mga huwad na kooperatibang agrikultural;

3) mga pangunahing engkargado ng mga panginoong maylupa sa pangungulekta ng upa sa lupa, o administrador ng malalawak na lupain nila, na dahil sa kanilang nababahagi sa pyudal na pagsasamantala ay nabubuhay nang mas mabuti kaysa gitnang magsasaka;

4) mga usurero na umaasa sa usura bilang pangunahing hanapbuhay at mas mabuti ang kabuhayan kaysa karaniwang gitnang magsasaka; at

5) mga may-ari ng makinarya (kono, traktora at iba pa) na sumisingil ng sobra-sobrang bayad na butil o salapi.

Para sa layuning taktikal, pwedeng hatiin ang uring panginoong maylupa sa malaki, panggitna at maliit. Sa pambansang antas, kabilang sa maliit at panggitna ang mga nagmamay-ari ng sampu hanggang apatnapu't siyam na ektarya. Malalaking panginoong maylupa ang nagmamay-ari ng limampu o higit pang ektarya. Kabilang sa huli ang mga bagong tipong panginoong maylupa na nag-ieksport ng mga hilaw na produkto tulad ng asukal, kopra, abaka, saging at iba pa. Sila ang pinakamalapit sa mga imperyalista, pinakamayaman at pinakamakapangyarihan sa mga panginoong maylupa.

Ang uring panginoong maylupa ang pangunahing balakid sa pag-unlad ng Pilipinas sa pulitika at kultura. Marahas silang lumalaban sa demokratikong rebolusyong bayan.

Pinaghaharian ng uring panginoong maylupa ang kanayunan. Nasa serbisyo nila ang reaksyunaryong militar, ang mga hukuman at bilangguan ng reaksyunaryong estado.

Kapag nakatunog ang panginoong maylupa sa pag-oorganisa at pagkilos ng masang magsasaka para ipaglaban ang kanilang mga karapatan, nagtatayo siya ng armadong grupo para supilin ang mga magsasaka at ipagtanggol ang kanyang mga ari-arian. Hindi niya kusang isusuko ang kanyang kapangyarihan sa ekonomya at pulitika.

Para sa layuning taktikal, mapag-iiba rin ang mga panginoong maylupa ayon sa kung sila ay nasa awtoridad o wala; at kung despotiko o hindi. Kahit target ng rebolusyong Pilipino ang buong uring panginoong maylupa, pangunahing target ang mga panginoong maylupa na malaki, may awtoridad at despotiko. Nakatuon sa kanila ang pinakamatinding mga bigwas ng rebolusyonaryong kilusan.

**3. Sinu-sino ang mga uring pinagsasamantalahan at inaapi sa malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino?**

Ang di hamak na malaking mayorya ng mamamayang Pilipino ay kabilang sa mga uring pinagsasamantalahan at inaapi. Sila ang mga manggagawa at magsasaka na bumubuo ng mahigit 90% at ang petiburgesyang lunsod na bumubuo ng mga 7% ng populasyon.

Bagamat may pag-aaring kapital, hindi napagsasamantalahan at sa halip ay nagsasamantala sa mga manggagawa, ang pambansa o panggitnang burgesya ay ginigipit ng imperyalismo, malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa.

Ang mga uring ito ang bumubuo ng sambayanang Pilipino.

**4. Ano ang mga pangunahing katangian ng pambansang burgesya?**

Ang pambansang burgesya ay binubuo ng mga negosyanteng interesado sa “makabansang industriyalisasyon”. Matatagpuan sila sa maliliit, katamtaman at “intermedyang” mga industriyang nakaasa sa pag-import ng hilaw na materyales, sangkap at kagamitan. May-ari sila ng malaki-laking mga pabrika at makinarya sa paggawa ng pananamit, sapatos, sigarilyo, lambat, gawgaw, plastik at iba pang mga produktong pangkonsumo. Hindi sila nagtatrabaho, pero sila ang tuwirang pangangasiwa sa kanilang negosyo. Kumikita sila ng tubo mula sa pagsasamantala sa mga manggagawa nila.

Tinatawag ding "panggitnang burgesya" ang pambansang burgesya. Ang katayuan nila sa ekonomya at paninindigang pampulitika ay nasa gitna ng sa malaking burgesya at petiburgesya.

Ang pambansang burgesya ay ginigipit ng mga imperyalista at malaking burgesyang kumprador sa kumpitensya at pamumuhunan, pangungutang at pagbebenta. Ginagamit laban sa kanila ang mga saligang patakaran ng reaksyunaryong estado kaugnay ng kabuuan ng ekonomya, salapi, pagbabadyet, pangungutang sa dayuhan, lokal na pagpapautang, mga batas sa taripa, buwis at pamilihang lokal.

Sa kabilang banda, marami sa kanila ang tuwirang nakaugnay at nakatali sa imperyalismo dahil sa utang, hilaw na materyales, panggatong, at iba pa.

Ginigipit din ng pyudalismo ang pambansang burgesya. Pumipigil ang pyudalismo sa pag-unlad ng panloob na pamilihan, na resulta ng malubhang pagpapahirap sa masang magsasaka. Ang sabwatan ng pyudalismo at imperyalismo ay naglilimita sa produksyon ng hilaw na materyales ng mga pambansang kapitalista.

Kabilang sa uring panginoong maylupa ang marami sa kanila. Madalas, nakapagsimula sila sa negosyo sa pamamagitan ng pagsasanla ng lupa sa bangko.

Mabuway ang paninindigang pulitikal ng pambansang burgesya. Dahil may dalawahang katangian ang katayuan nila sa ekonomya, dalawahan din ang katangian ng paninindigan nila sa pampulitika. May ambisyon silang maging malaking burgesya at makasama sa mga burukratang kapitalista. Pero bunga ng paghahari ng imperyalismo ay hindi matupad ang pangarap na ito.

Ang pambansang burgesya ay maaaring sumama sa rebolusyon sa ilang panahon at sumama sa malaking burgesya sa kontra-rebolusyon sa ibang panahon. Dapat maging maingat tayo sa pakikitungo sa dalawahang katangian ng pambansang burgesya. Kailangang makipagkaisa batay sa katangian nilang anti-imperyalista, pero kailangang makitunggali rin batay sa katangian nilang reaksyunaryo.

May kanan at kaliwang panig ang pambansang burgesya. Ang kaliwang panig ay labis na inaapi ng imperyalismo at laging namimiligrong mabangkrap. May simpatya ito sa rebolusyon. Maaari nitong mahatak sa rebolusyon ang gitnang

panig at pangibabawan ang kanang panig ng pambansang burgesya kapag labis na iniipit ng imperyalismo ang interes nila. Pero madaling bumaling sa kontrarebolusyon ang kanang panig dahil takot sila sa masa at mahigpit silang nakakapit sa malaking burgesya.

**5. Ano ang mga pangunahing katangian ng petiburgesya?**

Sa lahat ng saray ng burgesya, pinakamababa ang katayuan ng petiburgesya. Pangunahing katangian nila ang sapat-sapat na kabuhayang nagmumula sa pagmamay-ari ng kaunting kasangkapan sa produksyon o kaya'y sa pagkakaroon ng ispesyal na kasanayan o kakayahan. Ginagamit nila ang mga ito upang magsarili sa produksyon o kaya'y makatanggap ng mainam-inam na sweldo. Lumalahok sila sa produksyon at nagbibigay ng mahalagang serbisyo sa lipunan. Pinagsasamantalahan at inaapi sila ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Kabilang sa petiburgesya ang malawak na mayorya ng mga intelektwal tulad ng mga titser, kabataang istudyante, propesyunal na maliit ang kita, kawani at mababang upisyal ng gubyerno, gitnang magsasaka, maliit na negosyante, ekspertong tagayaring-kamay, kontratistang karpintero, mangingisdang may sariling bangkang de-motor at kagamitan, at sanay na manggagawang mataas-taas ang sahod.

May tatlong antas ang petiburgesya: nakatataas, panggitna at nakakababa. Pinag-iiba-iba sila batay sa laki ng kita. Ang nakatataas na antas ay may sobrang kita. Sila ang pinakamaliit ang bilang. Sapat-sapat naman para mabuhay ang kita ng panggitnang petiburgesya, na bumubuo sa di kukulangin sa kalahati ng petiburgesya. Kabilang sa nakakababang petiburgesya ang mga bumabagsak ang kabuhayan at taun-taong naliligalig ng depisit sa kanilang badyet. Pinakamalaking bahagi sila ng petiburgesya.

Ang petiburgesya ay progresibo at mapagkakatiwalaang alyado ng proletaryado. Hirap din sa kabuhayan ang karamihan sa kanila, at lubhang mabigat sa loob nila ang pagsikil ng reaksyunaryong estado sa mga demokratikong karapatan. Tumutulong at lumalahok sila sa rebolusyon. Mapagpasya ang kanilang suporta para pakilingin ang timbangan ng lakas sa panig ng rebolusyon. Gumaganap ng mahalagang papel ang sektor ng intelihensya sa paghahanda ng opinyong publiko na pabor sa rebolusyon.

May kani-kanyang paninindigang pampulitika ang bawat antas ng petiburgesya.

Ang nakatataas na antas ay madaling maimpluwensyahan ng pulitikal na mga pananaw ng burgesya sa reaksyunaryong mga eskwelahan at masmidya. Sila ang kanang panig ng petiburgesya. May malakas na tendensyang manatiling nyutral ang gitnang antas pero hindi sila laban sa rebolusyon. Naiimpluwensyahan din sila ng nakabababang antas. Kumikiling at sang-ayon sa katumpakan ng pagsama sa rebolusyon ang nakabababang antas. Sila ang kaliwang panig ng petiburgesya. Sa panahon ng krisis o gera, nagiging litaw at malaki-laking pwersa silang mabilis na lumalahok sa rebolusyonaryong kilusang masa. Sa pagsulong, natatangay nila ang gitna at maging ang mataas na antas ng petiburgesya.

Dahil inaapi sila, isang pwersang pampakilos sa rebolusyon ang petiburgesya. Kailangan lamang silang patnubayang mabuti ng proletaryong rebolusyonaryo dahil sa tendensya nilang maging suhetibista, indibidwalista, mapusok, at matatakutin naman sa mga kalagayang gipit. Ang kanilang pananaw na makitid at makaisang-panig ay bunga ng katayuan nila sa produksyong nagsasarili, maliit at indibidwal. Mapangingibabawan nila ito habang sumusulong ang rebolusyon sa pamumuno ng proletaryado.

### 6. Ang uring magsasaka

Ang lahat ng kabilang sa uring magsasaka ay nagbubungkal ng lupa. Ang uring ito ang pangunahing pwersa sa produksyon ng pambansang ekonomya. May tatlong saray ito: ang mayamang magsasaka, panggitnang magsasaka, at maralitang magsasaka.

#### a. Ano ang mga pangunahing katangian ng mayamang magsasaka?

Ang mga mayamang magsasaka ay may sobrang lupang sarili o inuupahan. Binubungkal nila ang bahagi ng lupang ito at ipinabubungkal ang iba pang bahagi. Mas marami at mas mahusay ang kanilang kagamitang pansaka at mga hayop na pantrabaho. Mas marami silang kapital na magagamit sa pagpapabuti ng ani sa pamamagitan ng abono at pestisidyo, at pagpapaunlad ng kanilang sakahan sa pamamagitan ng patubig. Binubuo nila ang mga limang porsyento ng populasyon sa kanayunan.

Kumikita sila ng butil o salaping labis sa kanilang gastos taun-taon. Nagmumula ang malaking bahagi sa sariling trabaho. Mula tatlumpu hanggang limampung porsyento (30-50%) naman ng kita nila ay mula sa pagsasamantala sa maralitang magsasaka, mababang panggitnang magsasaka, manggagawang bukid at iba pang malamanggagawa. Bukod sa pag-upa ng manggagawang bukid at/o pangungulekta ng upa sa lupa, nagsasamantala rin

sila sa pamamagitan ng pang-uusura, pagpapaupa ng hayop na pantrabaho at kagamitang pansaka, pamimili ng produkto at iba pa.

Tinatawag ding burgesya sa kanayunan ang mayamang magsasaka dahil sa pagtataguyod nila sa maliitang-saklaw na kapitalismo sa kanayunan. Sa anyo ito ng mekanisasyon ng pagsasaka, pagsasamantala sa sahurang manggagawang bukid, at pagsisilbing tagahatid sa kanayunan ng mga produktong kapitalista.

Kinakatawan ng mga mayamang magsasaka ang malapyudalismo sa mga baryo dahil magkasanib na itinataguyod nila ang lumang relasyong pyudal (ipinapaupa ang bahagi ng kanilang lupa sa maralitang magsasaka, at nang-uusura sila) at ang bagong relasyong kapitalista (pana-panahon o regular na bumibili sila ng lakas-paggawa ng iba).

Nagiging panginoong maylupa ang mayamang magsasaka kapag pangunahin o buung-buo na silang umaasa sa kinikita nila sa pag-upa ng lakas-paggawa ng iba, pagkakaroon ng mga kasama, pang-uusura, pagpapaupa ng mga hayop at kagamitang pansaka o pagiging katiwala o administrador ng mga asyenda o lupang komunal.

Ang mayamang magsasaka ay maaaring mapasuporta sa pakikibakang anti-pasista at anti-imperyalista at maaari silang mapanatiling nyutral sa rebolusyong agraryo laban sa panginoong maylupa.

Maaaring maging panginoong maylupa ang mayamang magsasaka kapag naging tuta o tauhan ito ng despotikong panginoong maylupa laban sa rebolusyonaryong magsasaka. Halimbawa nito ang paggamit ng mga kontrolado nilang konseho sa baryo para sikilin ang mga pagkilos ng masang magsasaka.

**b. Ano ang mga pangunahing katangian ng panggitnang magsasaka?**

Sa pangkalahatan, ang mga panggitnang magsasaka ay may lupang sarili o inuupahan na nakakatustos humigit-kumulang sa kanilang pangangailangan. May sapat silang kagamitang pambukid, salapi para sa mga gastos sa pagsasaka, at kahit isang kalabaw man lamang. Pangunahing sa sariling paggawa sila umaasa para magkaroon ng sapat na kita. Matatawag silang petiburgesya sa kanayunan dahil sa kanilang pagkakaroon ng nagsasariling maliitang produksyon. Humigit-kumulang dalawampung porsyento ng populasyon sa kanayunan ang mga panggitnang magsasaka.

May tatlong antas ang panggitnang magsasaka: ang nakatataas na panggitnang magsasaka, gitnang-panggitnang magsasaka, at nakabababang panggitnang magsasaka. Galing sa pagsasamantala ang labinlima hanggang tatlumpung porsyento ng buong kita ng nakatataas na panggitnang magsasaka. Ang kita naman mula sa pagsasamantala ng gitnang-panggitnang magsasaka ay pwedeng umabot hanggang labinlimang porsyento ng kabuuang kita. Ang nakabababang panggitnang magsasaka ay nagbibili ng lakas niya sa paggawa upang mapasapat ang kanyang kinikita. Maaaring umabot ng dalawampu't limang porsyento ng buong kita ang nakukuha mula sa pagbebenta ng sariling lakas-paggawa.

Mapapalahok ang panggitnang magsasaka sa kilusang anti-imperyalista at rebolusyong agraryo. Pagkatapos ng rebolusyong agraryo, magiging panggitnang magsasaka ang mayorya ng populasyon sa kanayunan. Inaayunan ng mga panggitnang magsasaka ang kooperasyon sa agrikultura at ang sosyalismo. Kung gayon, maaasahan silang alyado ng proletaryado at mahalagang pwersang pampakilos sa dalawang-yugtong rebolusyong Pilipino.

Magkakaiba ang mga tendensya sa pulitika ng tatlong antas ng panggitnang magsasaka. Nag-aambisyong maging mayamang magsasaka ang mga nasa mataas na antas at kumikiling sila sa paninindigang pampulitika ng mga iyon. Ang gitnang-panggitnang magsasaka ay nag-aambisyong maabot ang katayuan ng nakatataas na panggitna at mayamang magsasaka, pero nasa bingit sila ng pagkabaon sa utang. Kapag maluwag ang kalagayan, may tunguhin silang pumanig sa opinyon ng nakatataas na panggitna at mayamang magsasaka. Kung panahon naman ng krisis at pagsulong ng rebolusyon, madali silang pumanig sa nakabababang panggitna at maralitang magsasaka. Ang nakabababang panggitnang magsasaka ay matatag na lumalahok sa rebolusyon.

Ang pagsalungat o pagsang-ayon sa rebolusyon ng panggitnang magsasaka ay isang mapagpasyang salik sa tagumpay o pagkatalo hindi lamang sa kanayunan kundi maging sa buong bayan. Sa pakikitungo sa kanila, dapat bigyan ng prinsipal na tuon ang mababang antas samantalang panghihikayat at pakikiisa ang patakaran sa kanilang lahat.

**k. Ano ang mga pangunahing katangian ng maralitang magsasaka?**

Karaniwang walang sariling lupa at nakikisama lamang sa panginoong maylupa ang mga maralitang magsasaka. Magkaroon man ng lupa ang ilan sa kanila, balewala ito kung ihahambing sa kanilang pangangailangan. May ilan

silang simpleng kagamitang pansaka. Nanghihiram sila o kaya'y umuupa ng kalabaw na pantrabaho.

Dumadanas sila ng pagsasamantalang pyudal sa regular na pagbabayad ng upa sa lupa, sa pandaraya ng mga panginoong maylupa sa kwenta ng gastos sa pagsasaka, at sa usura. Para madagdagan ang kita, nagtatanim sila ng gulay o pagkaing-ugat, nag-aalaga ng manok at baboy, nangingisda, nagtatrabaho sa konstruksyon o kaya'y pana-panahong nagiging manggagawang bukid. Laging kailangan nilang magbili ng lakas-paggawa para makatawid sa gutom. Hindi sumasapat ang kinikita nila para sa ikabubuhay at gastos sa pagsasaka. Madalas silang humingi ng tulong sa mga kamag-anak at kaibigan o mangutang sa mga panginoong maylupa at usurero. Dalawampu't lima hanggang limampung porsyento (25-50%) ng buong kita nila ang nagmumula sa pagbebenta ng sariling lakas-paggawa.

Kasama ang manggagawang bukid, binubuo ng maralitang magsasaka ang pitumpu't lima hanggang walumpung porsyento (75-80%) ng populasyon sa kanayunan. Kabilang ang maralitang magsasaka at nakababababang panggitnang magsasaka sa kategorya ng malaproletaryado. Kabilang sila sa reserbang hukbo ng paggawa ng mga industriya.

Bunga ng matinding pagsasamantala at pang-aapi, ang maralitang magsasaka ay isang likas at mapagkakatiwalaang alyado ng proletaryado sa rebolusyon. Sila at ang panggitnang magsasaka ang bumubuo ng pangunahing lakas ng rebolusyon.

Sa esensya, isang gerang magsasaka ang demokratikong rebolusyong bayan. Ang uring magsasaka ang pangunahing pwersa nito, ang suliranin sa lupa ang pangunahing suliranin, at ang uring magsasaka ang pangunahing pinagmumulan ng mga Pulang mandirigma.

Ang saligang alyansa ng manggagawa at magsasaka ang pundasyon ng pagsulong ng rebolusyon tungo sa tagumpay.

**7. Ano ang mga pangunahing katangian ng proletaryado?**

Ang proletaryado ay walang anumang pag-aaring kasangkapan sa produksyon. Para mabuhay, kailangan nilang magbenta ng sariling lakas-paggawa sa kapitalistang may-ari ng kasangkapan ng produksyon. Pinagsasamantalahan sila ng mga kapitalista sa pamamagitan ng pwersahang paglikha ng sobrang halaga kapalit ng napakababang sahod.

Matatagpuan ang proletaryadong industriyal sa industriya ng minahan, troso, pagkain, pananamit, tela, gamot, sabon, repineriya ng langis, produktong plastic, at iba pa. Matindi silang pinagsasamantalahan ng imperyalismong US, lokal na kapitalismo at pyudalismo. Kinakatawan ng proletaryadong industriyal ang pinakamaunlad na mga pwersa sa produksyon—modernong makinarya at malakihang produksyon—at pinakamaunlad na sistema ng produksyon—ang sosyalismo—sa buong daigdig.

Sa Pilipinas, ang proletaryado ang bumubuhay sa modernong industriya. Maliit ang bilang ng proletaryadong industriyal kumpara sa uring magsasaka dahil sa katangiang malakolonyal at malapyudal ng Pilipinas. Mga labinlimang porsyento (15%) sila ng kabuuang lakas sa paggawa o empleyo.

Kabilang din sa proletaryado ang manggagawang bukid na pangunahing nakakonsentra sa malalaking sakahan ng mga pananim na komersyal at pang-eksport. Tulad ng mga manggagawa sa industriya, sahuran ang mga manggagawang bukid at walang sariling kasangkapan sa produksyon. Mula limampung porsyento o higit pa ng kita nila ay mula sa pagbebenta ng sariling lakas-paggawa. Tumatanggap sila ng pinakamababang sahod at nagtatrabaho nang pinakamatagal, sa pinakamasamang kalagayan sa paggawa at pamumuhay. Pinagsasamantalahan sila ng imperyalismong US, panginoong maylupa, mga kontratista at mga usurero.

Ang proletaryado ang pinakapuspusan at pinakamasugid na rebolusyonaryong pwersa. Sa pagrerebolusyon, walang mawawala sa kanila kundi ang tanikala ng pagkaalipin.

Ang proletaryado ang pinakakonsentradong uri sa lipunan. Araw-araw, sama-sama at maramihan silang gumagawa. Malakas ang pandama nila sa disiplina at organisasyon.

Sa mga pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika na pakikibaka laban sa malaking burgesya, napapanday ang kanilang makauring pamumuno sa rebolusyong Pilipino at lumalahok sila sa pagbabagsak sa kapangyarihan ng kaaway. Sa paglulunsad ng mga pangkalahatang welga na katugon ng kilos ng hukbong bayan, maaari nilang lumpuhin o pabagsakin ang kaaway nila sa uri. Maramihan silang mapalalahok sa digmang bayan sa kanayunan sa lahat ng yugto ng rebolusyon.

Ang proletaryado ang tagapamandila ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong. Ito'y may Partido Komunista ng Pilipinas na siyang kumakatawan sa makauring pamumuno ng proletaryado sa rebolusyon.

### 8. Ang malaproletaryado at ang lumpen-proletaryado

#### a. Ano ang malaproletaryado?

Ang malaproletaryado ay isang kalipunang inianak ng sistemang malakolonyal at malapyudal. Maraming tao ang walang hanapbuhay o kulang ng hanapbuhay dahil atrasado ang kanayunan at bansot ang industriya sa bayan.

Ang malaproletaryado ay binubuo ng masa ng manggagawang bukid, maralitang magsasaka, nakabababang panggitnang magsasaka, at mga wala o kulang ng hanapbuhay. Wala o halos wala silang pag-aaring kagamitan sa produksyon, at handa silang ipagbili ang sariling lakas-paggawa pero wala silang mapasukan. Sila ang reserbang hukbo ng paggawa ng industriya.

Ang malaproletaryado ay hindi bahagi o saray ng proletaryado. Baha-bahagi o sa pana-panahon lang nila tinataglay ang katangian ng proletaryado na nagbebenta ng lakas-paggawa o walang pag-aaring kagamitan sa produksyon.

Naghihirap ang malaproletaryado dahil sa kawalan ng pag-aari, di sapat na pasahod, kitang iregular at kulang, at kawalan ng siguridad sa trabaho. Kabilang sa kalipunang ito ang maliliit na tagayaring-kamay, maliliit na maglalako, maliliit na litratista, karpintero, maralitang mangingisda, kargador sa palengke, tsuper ng dyip at traysikel, at iba pa.

Isang pwersang nagpapakilos sa rebolusyong Pilipino ang malaproletaryado. Handa silang makibaka laban sa mga pambansa't makauring kaaway ng sambayanang Pilipino.

#### b. Ano ang lumpen-proletaryado?

Tulad ng malaproletaryado, ang lumpen-proletaryado ay bunga ng malaking suliranin sa kawalan ng hanapbuhay sa kanayunan at kalunsuran. Nabubuhay sila sa mga gawaing antisosyal tulad ng pagnanakaw, panunulisan, panghoholdap, pamamalimos, pagpuputa, pangangalabaw, at iba pa.

Ang lumpen-proletaryado ay hindi rin uri na nakikilala sa papel nito sa produksyon. Ang kalipunang ito ay hindi rin bahagi o saray ng proletaryado. Ang "proletaryado" ay tumutukoy lamang sa katangian nito na walang pag-aaring kagamitan sa produksyon.

Mabuway ang mga lumpen-proletaryo. Madali silang mabili ng kaaway at pwedeng maging mapanira. Karaniwang galing sa kanila ang naging mga eskirol sa welga, impormer, maton at panalakay sa kilusang masa. Marami sa kanila ang organisado sa mga gang at sindikato.

Pero ang ilan ay pwedeng magbago. Magagamit sa rebolusyonaryong pakikibaka ang kanilang pagkamuhi sa reaksyunaryong estado at tapang sa labanan, bastat maingat silang magagabayan. Kung sumasama sa rebolusyon, nagdadala sila ng kaisipang rebeldeng lagalag at putsista.

### 9. Mga Ispeyal na Grupo sa Lipunan

**a. Bakit natin binibigyan ng partikular na pansin ang mga ispesyal na grupo sa lipunan?**

Mahalagang bigyan ng partikular na pansin ang ispesyal na mga grupo sa lipunan dahil may partikular silang mga pangangailangan at takdang mga papel sa rebolusyon. Tumatagos at hindi labas sa mga uri sa lipunang Pilipino ang mga grupong ito. Sila ang mga mangingisda, pambasang minorya, setler, kababaihan at kabataan.

**b. Ano ang kalagayan sa lipunan ng mga mangingisda?**

Ang mga mangingisda ay malaking grupo sa lipunan sa Pilipinas, na isang pulu-pulong bayan. Ang pangingisda ay dagdag na hanapbuhay ng masang magsasaka. Mayroon ding mga buong-panahong mangingisda na mahahati sa tatlong saray: ang mayaman, panggitna at maralitang mangingisda.

Gumagamit ang mayamang mangingisda ng sariling bangkang de-motor, malalaking lambat, at iba pang kagamitan sa pangingisda. Nagpapasahod sila sa mga maralitang mangingisda, at kumikita ng sobra kaysa sa pangangailangan ng pamilya nila. Kabilang sila sa petiburgesya.

Gumagamit ang panggitnang mangingisda ng sariling bangka, lambat na katamtaman ang laki, at iba pang kagamitan sa pangingisda na mas mahinang klase kaysa ginagamit ng mayamang mangingisda. Karaniwang limitado sila sa mga pangisdang munisipal, at kumikita ng sapat para sa pangangailangan ng pamilya. Karaniwang kabilang din sila sa petiburgesya.

Gumagamit ang maralitang mangingisda ng mahinang klaseng bangka, nangingisda sa mga baybay-dagat, at kinakapos sa kita. Para madagdagan ang kita, kadalasa'y nagsasaka sila o nagbebenta ng kanilang lakas-paggawa sa mga mayamang mangingisda at kapitalista sa pangingisda. Kabilang sila sa malaproletaryado.

Ang mga mangingisda ay pinagsasamantalahan ng mga kapitalistang US at Hapon na nangingisda sa dagat at sumisimot sa mga pangisdaan; ng mga panginoong maylupa na nagbabawal sa kanila na mangisda sa loob ng mga konsesyong palaisdaan; ng mga lokal na kapitalista sa pangisda na nagdidikta ng mababang presyo para sa huli at nagpapautang nang sobra-sobra ang interes; at ng mga abusadong upisyal ng reaksyunaryong gubyerno na nangingikil at basta na lang nagpapataw sa kanila ng buwis na isda o salapi. Kapag nagtatrabaho sa mga mayamang mangingisda at kapitalista sa pangingisda, pinagsasamantalahan sila sa pamamagitan ng mababang sahod o hati sa huli.

Mapapakilos sila para sa demokratikong rebolusyong bayan, laluna ang mga panggitna at maralitang mangingisda. Mahalaga ang papel nila sa pag-uugnay ng mga rebolusyonaryong pwersa sa iba't ibang isla, paghahakot ng mga pangangailangan ng rebolusyon, pagtatanggol sa mga pulo, at pagpapakain sa mamamayan. Mapapaunlad nila ang teorya at praktika ng digmang bayan sa pamamagitan ng pagsusulong sa pakikidigma sa tubig.

**k. Ano ang kalagayan sa lipunan ng mga pambansang minorya?**

Labing-apat na porsyento ng populasyon ng Pilipinas ay mga pambansang minorya, tulad ng mga Moro, Igorot, Ita at iba pa. Nakatira ang karamihan sa kanila sa pinakaliblib na mga lugar. Lubha silang pinapabayaan at inaabuso ng reaksyunaryong gubyerno. Biktima sila ng sobinismong Kristyano at Malayo at pang-aapi ng mga reaksyunaryo. Kinakamkam ng reaksyunaryong gubyerno, dayuhang mga korporasyon at mga panginoong maylupa ang lupa nila.

Kinikilala ng Partido ang kanilang karapatang magkaroon ng sariling identidad at magpasya sa sarili. Maisasanib sila sa iba pang mamamayang Pilipino batay lamang sa pagkakapantay-pantay at paggalang sa kanilang kultura at lahi.

May mahalagang papel sa digmang bayan ang mga pambansang minorya, laluna ang mga nasa bulubunduking lugar. Ang paglahok nila sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka ay mahalaga para isulong ang pakikidigmang gerilya at maitayo ang mga baseng bukid.

Sa pagkilos at pakikitungo sa pambansang minorya, gumagawa ang Partido ng pagsusuri sa uri at binibigyan ng pangunahing diin, sa rebolusyonaryong kilusan nila, ang pagpapatingkad sa papel ng mga uring pinagsasamantalahan at inaapi.

**d. Ano ang kalagayan sa lipunan ng mga setler?**

Ang mga setler ay mga magsasakang nawalan ng lupa at naitaboy sa mga lugar na magubat at bulubundukin. Sa simula, mayroon silang napepwestuhan at nabubungkal na sariling lupa sa mga interyor. Pero pagkatapos, pinipigilan sila ng reaksyunaryong gubyerno na magkaroon ng pormal na titulo sa lupa at itinataboy pa nga. Biktima sila ng mga pangangamkam ng lupa, usura, pananalasa ng mga bandido at kapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno. Nabubuhay ang karamihan sa kanila sa katayuan ng nakababababang panggitna at maralitang magsasaka.

Nasa kalupaang angkop sa pakikidigmang gerilya ang mga setler. Dahil dito, napakahalaga ng gawaing pampulitika sa hanay nila laluna sa mga maagang yugto ng digmang bayan.

**e. Ano ang kalagayan sa lipunan ng kababaihan?**

Babae ang kalahati ng populasyon ng Pilipinas. Kabilang ang karamihan sa kanila sa mga uring pinagsasamantalahan at inaapi. Dagdag sa makauring pang-aapi, biktima rin sila ng pang-aapi ng kalalakihan.

Dapat silang kilanlin bilang isang mahalagang grupo sa lipunan na makagaganap ng pangkalahatan at ispesyal na mga tungkulin sa rebolusyon. Ang paglahok ng kababaihan sa pakikibaka ng mga uring pinagsasamantalahan at inaapi ang magpapalaya sa kanila mula sa katayuang hinahamak at mababa.

**g. Ano ang kalagayan sa lipunan ng kabataan?**

Malaking bahagi ng ating populasyon ang kabataan. Kabilang sa mga uring manggagawa at magsasaka ang mayorya sa kanila.

Dapat bigyan ng partikular na pansin ang pagpapasigla ng kanilang partisipasyon sa rebolusyon. Ito ang titiyak sa patuloy na paglitaw ng mga tagapagpatuloy at reserba ng rebolusyonaryong kilusan. Dahil nasa kasiglahan ang pag-iisip at pangangatawan , maraming tungkulin sa rebolusyon ang pinakaangkop tupdin ng kabataan, tulad ng tungkulin ng mga Pulang mandirigma. Kailangang alagaan ng mga kadreng may edad ang mga kabataang rebolusyonaryo, at ibahagi sa kanila ang naipong mga karanasan. Samantala, ang kabataan naman ay dapat matutong makiisa sa mga kadreng may karanasan at may edad.

# Mga Sanggunian

1. Amado Guerrero - Lipunan at Rebolusyong Pilipino
2. Sison, Jose Ma. - Krisis at Rebolusyong Pilipino
3. Sison, Juliet de Lima – Si Jose Ma. Sison Tungkol sa Moda ng Produksyon
4. Sison, Jose Ma. - Malapyudalismo, Alamat o Katotohanan